



Departamento ng Filipino,  
2008

# A L I N A Y A

Ika-10 ng October, 2008

Tomo 1, Blg.3

## Silip Pinoy

Ang salitang “Cuyunon,” gayon din ang “Cyunin,” “Cuyuno,” at “Taga-Cuyo,” ay tumutukoy sa mga mamamayan at kultura ng Isla ng Busuanga, Agutaya, at Cuyo, ang pangunahing isla sa mga islang nasa gitna ng Dagat Sulu, silangan ng Palawan at timog-silangan ng Panay. Walang nasusulat na diksyonaryo at aklat-balarila para sa wika ng Cuyonon, bagaman may mga aklat dasalang nasulat sa kanilang wika.

(CCP Encyclopedia for Culture and Arts, Vol. 1)

## Ambag-salita

**Kutiltil** – (pang-uri) gawin sa mabagal na paraan; metikuloso.

*Trabahong kutiltil ang paglililok sa blokeng marmol.*

(Vicassan’s Pilipino-English, Dictionary)

## MGA NILALAMAN

Balita	2
Editoryal / Opinyon	3
Opinyon	4
Opinyon	5
Opinyon	6
Opinyon	7
Tikim Katha / Kultura	8
Musika	12
Tawa naman Tayo!!!	13
Usapang Wika	14
Tahanang Pinoy	22

## BUWAN NG WIKA, IPINAGDIWANG!

NI PROF. EVANGELINE ENCABO

Pormal na sinimulan ng Departamento ng Filipino ang pagdiriwang ng Buwan ng Wika noong ika-4 ng Agosto, kung saan isang misa ng pasasalamat ang inialay.

Ilan sa mga klase ng Fildlar at Filkomu ang namuno sa pag-aalay sa pakikipag-ugnayan at tulungan nina Dr. Ruby Alunen, Dr. Eriberto Astorga at Dr. Felicitas Herrera.

Ipinalabas naman sa Chess Plaza noong ika-11 hanggang 14 ng Agosto ang mga MTV at do-

kyumentaryong video na awtput ng mga klase ng Filkomu at Fildlar. Nag-ing posible ito dahil sa pakikipag-ugnayan ng DANUM, ang opisyal na samahan ng mga mag-aaral ng AB Philippine Studies.

Ganap na ala-una ng hapon noong ika-14 ng Agosto sa Ariston Estrada ginanap ang Saloy, isang kumperensya para sa mga mag-aaral na andergrad mula sa iba’t ibang pamantasan sa Kamaynilaan. Anim na estudyante ang nagbasa ng kanilang sanaysay,

apat dito ang galing sa Pamantasan ng De La Salle (DLSU-Maynila), isa ang nagmula sa Unibersidad ng Pilipinas (UP-Diliman), at isa mula sa Technological Institute of the Philippines (TUP). Nakabilang din sa mga dumalo sa nasabing kumperensya ang mga mag-aaral mula sa Philippine Normal University (PNU), Pamantasang Lungsod ng Muntinlupa, at Adamson University (AdU). Pinamunuan naman ni Prop. Genaro Gojo-Cruz ang nasabing gawain.

*Sundan sa susunod na pahina*

## Pambansang Seminar 2008

Ang Departamento ng Filipino ng Pamantasang De La Salle-Maynila sa pakikipagtulungan ng UP Sentro ng Wikang Filipino ay nagtaguyod ng taunang pambansang kumperensya at seminar-worksyap. Ang paksa ng nasabing gawain ay **"Mabunga at Makabuluhang Filipino: Multidisiplinary Pagtuturo ng/sa Filipino"** na ginanap sa Gusaling Yuchengco ng

DLSU-Maynila noong ika-5 at 7 Mayo.

Nilayon ng kumperensya, seminar-worksyap na mapatataas ang antas ng paggamit ng wikang Filipino sa pagtuturo at mapalalim ang kamlayan sa paggamit nito sa iba’t ibang disiplina.

Malugod na tinanggap ng Presidente ng pamantasan na si Bro. Armin Luistro, FSC ang siyamnapung

(90) kalahok na kinabibilangan ng mga guro at administrador mula sa pribado at pampublikong paaralan sa bansa.

Samantalang si Kom. Nilo Rosas ng Professional Regulatory Commission (PRC) ang naging panauhing tagapagsalita habang may apat na tagapanayam ang nagbahagi ng kanilang kasanayan sa multidisipli-

*Sundan sa susunod na pahina*

*Buwan ng Wika.... Mula sa pahina 1*

Samantalang dalawang panayam ang ginanap noong Agosto kaugnay ng selebrasyon ng Buwan ng Wika na itinampok sina G. Allan Derain at Ms. Marilou Syjueco bilang parangal at pagkilala kay Dr. Ruth Elynia Mabanglo.



**Sina Dr. Josephine Mangahis, Tagapangulo ng Departamento ng Filipino (dulog kaliwa) at Dr. Rhoderick Nuncio (dulog kanan) kasama ang mga pinarangalan sa Gawad Lasallian sa taong ito.**

Ang pinakahuling gawain para sa selebrasyong ito ay ang Gawad LaSallian na ginanap noong ika- 29 ng Agosto, sa Ariston Estrada Seminar Room (AESR). Kinilala ang mga estudyante, titser, *staff* at administrador na tumutulong sa pagsusulong ng wikang Filipino sa pamamagitan ng kanilang riserts at iba pang gawaing pang-akademik. Ngayong taong ito, sina Dr. Paz Verdadez Santos (Fakulti), Dr. Madelene Sta. Maria (Admin), Ms. Nenita de los Santos (Staff), Mr. Dino Guevarra (Andergrad) at si Nancy Gabriel (Grad) ang mga binigyang parangal. Pina-munuan ni Dr. Rhoderick Nuncio ang programang ito.

Isang taos-pusong pasasalamat ang ipanaabot ng Direktor ng Buwan ng Wika na si Prop. Evangeline Encabo sa mga nakiisa sa mga nabanggit na gawain para sa selebrasyon sa taong ito. (*E. Encabo*)

**Pagbati kina  
Prop. Genaro Gojo-Cruz at G. Eros Atalia  
sa kanilang pagtatapos sa Gradwadong Programa  
at sa mga nagtapos sa Undergrad Program ng Departamento ng Filipino  
sa Ikalawang Term ng Taong Panuruan 2008-2009!**

*Pambansang Seminar 2008... mula sa pahina 1*

naring pagtuturo ng/sa Filipino. Tinalakay ni Dr. Leo Zafra, Direktor ng UP Sentro ng Wikang Filipino ang “Ang Wikang Filipino Bilang Wika ng Akademya: Patakarán, Programa at Estratehiya”. Mula naman sa DLSU-Maynila si Prop. Cads Malbarosa na nagbigay ng panayam na “Pagkalinga sa Mag-aaral: Realismong Kritikal at Pagkatuto Mula sa Karanasan”. Ibinahagi ni Dr. Tereso Tullao, Jr. ng DLSU-Maynila ang kanyang estratehiya sa pagtuturo ng Ekonomiks sa kanyang panayam na “Mga Hamon sa mga Kasalukuyang Isyu sa Ekonomiks at Pulitika.” Binigyang tuon naman ni Dr. Isagani Cruz ng DLSU-Maynila sa kanyang panayam ang “Multidisiplinaryong Pagturo ng Literatura”.

Matapos ang mga panayam pati na ang pakitang turo sa iba’t ibang antas nina Pro. John Enrico Torralba (para sa antas elementari), Prop. Genaro Gojo-Cruz (para sa antas hasykul) at Dr. Lakangiting Garcia (para sa antas kolehiyo), nagkaroon ng worksyap ang mga kalahok na nag-atas sa kanilang makabuo ng isang awtput na multidisiplinaryong aralin.

Sa huling araw ng gawain ginanap ang kumperensiya. Nagbasa ng kanilang papel sina Bb. Ma. Wevenia Richohermoso (DLSU-Maynila), Bb. Emma Basco (Mabini Colleges), Mr. Genaro Gojo-Cruz (DLSU-Maynila), Ms. Rosanna De Leon (DLSU-Maynila), G. Louie Sanchez (DLSU-Maynila) at G.. Aris Atienza (ADMU).

Malaki ang pasasalamat ng Departamento ng Filipino sa C & E Publishing sa kanilang pag-iisponsor ng ilang aytem na naipamahagi sa mga dumalo. Pinasasalamatan din ang Komisyon sa Wikang Filipino, Rex Bookstore, Heritage Manila, Sibs Publishing at Aviba Publishing sa kanilang pagbibigay ng mga komplimentaryong aklat/materyal panturo.

Ang nasabing kumperensiya/seminar-worksyap ay pinangunahan ni Prop. Evangeline Alvarez-Encabo, ang Direktor, at nina Dr. Lhai Taylan at Prop. Ayleen Ortiz, Pangalawang Direktor.

## EDITORIAL / BOSES PINOY

**S**a pagdiriwang ng Pandaigdigang Araw ng mga Guro, sandaling iniwan ng mga guro ang kanilang paggawa ng mga lesson plan, ang pagtsetsek ng mga papel, at paghahanda ng kanilang mga kagamitang-panturo. Sa halip, mahigit 300 guro ang tumungo sa Kongreso ang kanilang panawagan para sa kanilang mga karapatang ipinagkakait ng pamahalaan ni Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo.

Bagsak. Ito ang kabuuang grado ng pamahalaan kung pagbabatayan ang mga naging programa at polisiya ng pamahalaan sa pagtugon sa mga hinaing ng mga guro sa pagkakaroon ng disente at ligtas na pamumuhay. Sa loob ng mahabang panahon nananatiling lugmok sa kahirapan at kawalan ng katarungan ang maraming Pilipinong guro sa bansa.

Sa Matematika, tiyak na bagsak ang grado ng pamahalaan. Mukhang nakalimutan na nito ang batayang kasanayan sa pagdaragdag o *addition*. Sa loob ng anim na taon, simula ng manungkulan si Pangulong Arroyo, ipinatupad ang anim na taong moratoryum sa pagtataas ng sahod ng mga guro sa mga pampublikong paaralan. Sa kasalukuyan, may 479,893 mga guro ang nasa Salary Grade 10 na tumatanggap ng P12,063 kada buwan. Ito ay sa kabila ng pangangailangan ng isang pamilyang mayroong anim na miyembro ng P20,042 upang mabuhay sa Metro Manila.

Sundan sa pahina 7

## MATANDAIN, ‘DI MAKATANDA AT TUMATANDA

**B**ilog ang mundo. At kahit kailan hindi nakaligtaan ng kalikasan na bigyang ng pagkakatantay ang lahat ng bagay. Sapagkat ang lahat ng bagay ay may kaugnayan sa isa't isa at hindi nararapat na may maging malabis o may kakulangan sa ginagampanang papel sa takbo ng buhay.

♦♦♦

Noong ako ay nasa Europa noong 2004, 2006 at 2007, ilang pamilyang Pinoy ang aking tinirhan sa bansang Aleman, Belhika, Pransya, Italya at Austriya.

Naging bahagi ako ng kanilang pamumuhay. At bilang pakikisama sa kanila, minarapat kong makibagay sa kanilang lahat pati pa sa kanilang mga kaibigan. Tinutulungan ko sila sa gawaing bahay at kung minsan pa nga'y pati sa pag-aalaga ng mga bata. Ginawa ko ito dahil kung tutuusin, napakalaking pabor ang kanila akong tanggapin sa kanilang pamamahay lalo't

ako'y bagong salta lamang sa bansa at pamamahay nila.

Bukod pa rito, nais kong makalikha ng isang makahulugan at matibay na relasyon sa mga taong dapat na makadama ng katapatan, pagmmalasakit at pagmamahal mula sa isang kababayang tulad ko.

Nakatutuwaan pa nga nila akong dalhin sa mga piging at pagdiriwang, dahil sa aking pagiging pakwela at pag-awit. *Instant host* at *talent* ang labas ko. Pero sa bawat hiling nila, hindi ko nakuhang tumanggi sa kanila. Masaya naman ako dahil bida ako at marami ang natutuwa. Nagtatalo pa nga ang ilan kung sino ang dapat kong tirhan dahil nakapirmi lang ako sa iisang pamilya sa bawat bansa o syudad. Ang gusto ng marami, umikot ako sa bawat pamilya sa panahon ng aking pagtigil sa kanilang bansa.

Napakahirap nitong gawin dahil

sa pag-eempake na dapat gawin sa tuwing lilipat ng tirahan. Pero wala akong magawa. Yun ang kahilingan. Ayokong magtampo ang sinoman. Madami sa kanila dakasi ang matandain at matampuhin.

♦♦♦

Mahirap man ang makisama subalit kailangan itong gawin at katandaan. Ang nakapagtataka, madami ang mga taong kabagu-bago pa lamang na nagiging kabahagi ng isang pangkat (maaaring pamamahay, tanggapan o organisasyon) na may lakas ng loob na kalimutan ang kahulugan ng pakikisama o 'yung simpleng pakikipagkapwa-tao. Ito ang mga taong *lumot*. Nakadikit at nakikinabang nang wala man lang naibibigay na kabutihan o anumang maikalulubos ng kanilang pagiging bahagi nito. Bagaman, dapat sana ay naituro ito ng kanilang mga magulang. Nakaligtaan yata.

Sundan sa pahina 6



**IMAHENYO**  
ni Nonon Villaluz  
Carandang

## Ang Wika ng Tao



**Sa wika at iba pa.  
ni Dr. Jo Mangahis  
Tagapangulo,  
Departamento ng  
Filipino**

**M**asalimuot ang wika ng tao kumpara sa hayop. Naiiba ito sa huni ng ibon, kahol ng aso, ngiyaw ng pusa at iba pang paraan ng pagkakaunawaan ng mga hayop. Sinabi kong masalimuot sapagkat nagtataglay ang wika ng tao ng mahahalagang aspekto na siyang naglalarawan sa namumukod nitong katangian. May kakayahan ang taong gumamit ng wika para gawing instrumento sa pagsasalita. Gamit ang mga salita na nagtataglay ng iba't ibang kahulugan nito, nananatili pa rin nagkakaunawaan ang dalawang taong nag-uusap. Maaaring magkaunawaan ang dalawang kabataan sa paggamit ng salitang ano upang gawing lihim sa nakaririnig ang kanilang pinag-uusapan. Ang halimbawa nito ay ang paggamit ng salitang ano at si ano nag-anuhan. Sa pahayag na ito, maaari nating sabihing mali ang kaayusan at paggamit ng salita at hindi malinaw sa ating mga nakaririnig kung ano ang kanilang ibig pakahulugan. Subalit sa dalawang nag-uusap malinaw kung sino at kung ano ang ginawa ng tinutukoy na tao.

Tunay ngang napakalawak ng sangkap ng wika ng tao. Isa na rito ang semantika na tumutukoy sa kahulugan ng bawat salita. Nandiyan

ang ponolohiya na tumatalakay sa mga tunog na binibigkas sa ating pagsasalita. Sabihin pa, nariyan din ang morpolohiya na tumatalakay sa istraktura ng mga salita. Sintaks naman ang nagbibigay ng tuntunin kung paano mapag-uugnay ang salita sa kapwa salita o parirala sa kapwa parirala. Ang pragmatika ay pag-aaaral sa paggamit ng wika sa pakikipagtalastasan.

Kaugnay sa ponolohiya, may varyasyon din sa pagbigkas ng bawat salitang magkakapareho ng baybay na siyang nagsasaad ng pagkakaiba-iba ng kahulugan nito. Ilang halimbawa nito ay ang mga salitang baga (lungs) baga na binibigkas ng malumi, baga (as if) na bibigkas ng malumay, at baga na binibigkas ng mabilis at nangangahulugan ng pamamaga. Isa itong pagpapatunay na mayaman ang wika.

Kaya ng taong palawakin ang isang kataga sa salita, ang salita sa parirala at parirala sa pangungusap. Nakasanayan na ng mga Pilipino ang paggamit ng katagang "eh", bilang pasimula sa pagbibigay paliwanag o dahilan. Napalawak ang katagang ito ng dagdagan ng "wan" at naalis ang titik "h" at nakabuo ng saltang "ewan" na para sa mga Pilipino ang ibig sahihin

ay hindi alam o hindi tiyak sa sasabihin. Ang isang salita ay maaaring palawakin sa pamamagitan ng pagkakabit pa ng isang salita. Tulad ng salitang "patay" na ang ibig sabihin ay walang buhay o sa makabagong pakahulugan ng kabataan ay "lagot". Ang salitang "gutom" na nangangahulugan ng pagkalam ng sikmura dahil walang laman o sa makabagong pakahulugan o gamit ng kabataan ay walang mapapapala o mahihita. Kung pagsasamahin ang patay-gutom magbabago ang kahulugan nito sa naunang kahulugan. Ang ibig sabihin nito ay walang makain o labis ang hirap ng buhay.

Malaki rin ang epekto ng wika sa pang-araw-araw na gawain at pakikipagtalastasan ng tao sa kapwa. Ang lawak ng kaalaman ng tao sa wika ang magsisilbing daan sa kanyang tagumpay sa kinabukasan. Magbasa man ng maraming aklat ng karunungan ang tao at makinig ng isang araw sa isang panayam, kung hindi naman niya nauunawaan ang wikang binabasa at wikang pinakikinggan ay mawawalang ng silbi ang lahat.

Samakatuwid, mahalagang isaalang-alang sa pagkatuto ng anupamang kaaalaman ang kabatiran at kasanayan sa wika.

*Sundan sa pahina 23*

## Kritika Bilang Tsismis

Sa higit limang dekada ng kritika sa bansa bilang isang sangay ng sining o pag-aaral ng sining hindi maiwasang maitanong kung nagkagulang na ba ang kritika. Oo naman kung titingnan natin ang mga haligi sa larang na ito: Bienvenido Lumbera, Alice Guillermo, E. San Juan, Jr., Resil Mojares, Isagani Cruz, Nicanor Tiongson, Rosario Torres-Yu, Gemino Abad, Cirilo Bautista, Soledad Reyes, Lilia Q. Santiago, Rolando Tolentino at marami pang iba. Ilan lamang ito dahil napakalawak ng sining at kadalasan nakakapit sa panitikan lamang ang larang na iniikutan ng isang kritiko. Sa mga nagtatangkang alamin ang larang na ito, mahalagang basahin ang *Norton Anthology of Theory and Criticism* at para naman maunawaan ang formal na kritisismong pampanitikan, basahin naman ang *Anatomy of Criticism* ni Northrop Frye.

Paano ba nabubuo ang kritika? Nagsisimula ang lahat sa teorya at hindi sa texto ng sining na inakala tuloy ng marami na parasitiko lamang ang kritika sa sining. Walang kritiko na pulpol sa teorya. Ito ang puhunan at pundasyon ng isang kritiko bago siya makipagbuno sa marami pang pagbabasa at pagsusuri. Sa ating bansa kaunti lang talaga ang may appreciation sa teorya, lalo't higit pa sa mga disiplina sa humanidades. Katumbas kasi nito ang maraming pagbabasa (nang paulit-ulit) at pag-unawa nito sa iba't ibang konteksto.

Kailangang unawain ng ganito ito dahil sa nasa ibang historisidad, milieu, lipunan, kultura at wika ang texto at awtor ng orihinal na teorya. Kaya nga't kasabay ng pag-aaral ng teorya ang kasaysayan ng teorya. Ito rin ang mahina sa pag-aaral ng teorya sa ating bansa, ura-urada na lang sa paglalapat ng teorya nang hindi lubos na nauunawaan ito at ang estratehiya sa paggamit nito na malay sa historisidad ng teorya (hindi ng textong susuriin). Kadalasan ang nangyayari maraming pagbabasa na nauwi lamang sa pagkakabisado ang pag-aaral ng teorya. Wala nang pag-unawa't interpretasyon. Ang pinakamainam na ruta sa pag-aaral ng teorya ay ang pilosopiya, art studies, at cultural studies. Subalit nakakalungkot ito dahil iilang pamantasan lamang ang may mga kursong ganito, mabibilang lamang sa daliri. Imbis na dumami, pinasasara pa ang mga programang ganito sa ilang kolehiyo. Kung gusto mong maging kritiko huwag kang mag-literature o humanities major dahil kakapiranggot na yunits lamang ang teoryang pag-aaralan sa kursong ito at kadalasan elective pa! Sining ang sentral sa mga ito at hindi ang kritika. Hindi rin uubra na may kolum ka lamang sa dyaryo o magazin, walang pinagkaiba kung gayon ang kritiko sa ibang kolumnista't peryodista. Kaya nga't hindi journalism ang kursong nababagay sa isang kritiko. Pinakamahalaga sa lahat na dapat makapaglabas ang pumopormang kritiko ng kanyang aklat at ng marami pang mga aklat.

Walang matinong risertser na tabloid ang bitbit niya para sa mga sanggunian niya, samakatuwid, kailangang aklat ng kritiko ang dala-dala niya.

Paano ba nabubuo ang kritika? Nangyayari ito sa interpretasyon ng teorya. Kasunod ng pag-unawa ay ang interpretasyon – kailangang maipaliwanag niya sa kanyang sariling pagkaunawa ang katuturan ng teorya. Kailangang navi-visualize niya sa kanyang imahinasyon ang kahinaan at kalakasan ng teorya at ang pagsulpot ng iba pang ideya na magpapatibay o magpapawindang sa teorya. Itinuturo sa atin ang paglalapat ng teorya sa texto at hindi ang imahinatibong pagkurokuro sa teorya at texto. Sa ganito kasing paraan nakakalikha ng serye ng diskurso ang mga kritiko, pilosopo, manunulat, at mga iskolar. Kung paglalapat lamang ng teorya ang aatupagin ng kritiko, disin sana'y hayksul pa lamang marami ng kritiko dahil iyon din naman ang ginagawa noon at hanggang ngayon. Kung magagawang maging imahinatibong teorista/kritiko, magiging handa siya na iabandona ang natutuhan niya at ideklara ang kanyang pagsasarili at ang kasarinlan ng kanyang isipan. Kung hindi naman, ang kritika niya'y tsismis lamang at siya'y magiging isang dakilang tsismoso.

Paano ba nabubuo ang tsismis?



**Kritika sa Tabi-tabi  
ni Dr. Rhoderick  
Nuncio**

## Mahirap, Madali, Mahalaga

### Mahirap

**K**ahit bahagi na ng buhay natin ang pagdedesisyon, dumarating pa rin ang mga pagkakataong nahihirapan tayong magdesisyon lalo na kung maapektuhan nito ang isang masayang relasyon at mabuting pagsasamahan. Mahirap magdesisyon kapag mayroon tayong kailangang isakripisyo at talikuran. Higit sa lahat, mahirap magdesisyon kung ang nakataya sa desisyong ating gagawin ay buhay at kabuhayan ng taong malapit sa atin at inuturing nating kaibigan.

### Madali

Kung mahirap magdesisyon, madali namang magbitiw ng mga salita, at magbigay ng puna at komento tungkol sa mga tao o bagay sa paligid natin. Ang sabi ng isang nakausap ko, mas madali ang pumuna at magkoment dahil mas madali nating nakikita ang dumi at ka-

pangitan ng iba. At kapan-sin-pansin daw na ang mga taong madaling magbitiw ng puna at komento ay yaong mataas ang tingin sa sarili at mabilis ipagyabang ang kakaunti nilang nalalaman.

### Mahalaga

Sa kabilang banda, kung pagdedesisyon ang pag-uusapan, nakagagaang din naman ng kalooban kapag ang naging kaakibat ng ating pagdedesisyon ay ang paninindigan natin sa ating prinsipyo at paniniwala. Ano man ang isipin at sabihin ng iba tungkol sa naging desisyon natin ay hindi na mahalaga. Ang mahalaga ay nakagawa tayo ng isang desisyon na hindi natin ikahihiya at kaya nating panindigan, ipagtanggol, at pangatwiran kaninuman, saanman, at anumang oras. Kahit hindi naging masaya ang iba sa desisyon natin, ang mahalaga ay nakagawa

tayo ng isang tamang desisyon na siyang dapat mangyari. Hindi naman kasi lahat ng makasisiya at makabubuti sa ilang kaibigan ay makasisiya at makabubuti para sa lahat at para sa isang organisasyon.

Sa isa pa ring banda, pagdating sa pagbibigay ng puna at komento, mahalagang mag-ingat tayo at matutong bumusina at prumeno. Walang masama sa pagbibigay ng puna at komento. Ang masama ay ang magbitiw tayo ng mga iresponsableng pahayag na walang sapat na batayan, hindi natin pinag-isipan, at hindi natin kayang ipaliwanag kapag hiningian tayo nito. Kung hindi naman natin magagawang tayuan at bigyang-katwiran ang mga salitang binitawan natin, mabuti pa sigurong sa susunod ay huwag na lang tayong magsalita lalo na kung mayroon tayong mga masasagasaan.

❖ ❖ ❖



**bongga88**  
**ni Dr. Lhai Taylan**

*Matandain, 'di makatanda at tumatanda, mula sa pahina 3.*

Maaaring ang mga baguhang ito ay namimili rin naman ng pakikisamahan. Nakalilimot sila na ang mga taong kanilang nakasalamuha ay may ilang panahon nang nagkakasama at sila rin ay minsang naging bagong salta at, kahit pa saang kondisyon o pagkakataon, kinailangan ng mga ito ang makisama at makibagay. At dahil sa mga obserbasyong ito, napakadaling mahusgahan ang kanilang pagkatao, kahit pa hindi ito marapatin ng mga taong nakakakita sa kanila. Ilang pangkat na kaya ang nakasama nila at nagkaroon ng lamat ang kanilang relasyon dahil sa kawalan ng pakikisama? Sadyang 'di makatanda.

♦♦♦

At kung sa paglipas ng panahon, hindi mo napanagumpayang ang siste't halaga ng pakikipagkapwa-tao at pakikisama, tatanda ka nang hindi uusad ang iyong pagkatao. Lumiliit ang mundo. Biruin mo, sa lahat na lamang ng makakasama mo, mayroong nakararaming hindi sumasang-ayon sa katauhan mo. Tatanda ka, mawawala, titiwalag, hihiwalay at 'di ka pa rin matatandaan dahil nararapat kang kalimutan. At kung matandaan ka man, ito ay dahil sa kakatwa mong ugali. Tandaan: Matandain sila sa mga taong 'di makatanda at tumatanda na mangmang sa pakikipagkapwa-tao.

❖ ❖ ❖

*Editorial... Mula sa pahina 3*

Inihain na sa Kongreso ang Joint resolution No.24 o tinatawag na Salary Standardization Law 3 (SSL3) kung saan hahatiin sa loob ng susunod na apat na taon ang P6,000 pagtaas sa sahod ng mga kawani ng gobyerno kasama na ang mga guro. Sa tumitinding krisis pampinansyal sa kasalukuyan, malayong matugunan nito ang pangangailangan ng mga gurong mabuhay ng marangal sa mga susunod pang taon. Inaasahang hindi ito makasasapat, at gayundin makahahadlang sa mga guro na manawagan pa ng pagtaas ng sahod sa loob ng apat na taon.

Sa Ingles, tiyak na pasado ang pamahalaan, at nananatiling bagsak sa Filipino. Ang patuloy na pagsusulong sa paggamit ng wikang Ingles bilang pangunahing midyum sa pagtuturo ay isang malaking sagabal, hindi lamang sa pagkatuto ng mga kabataan, kundi sa pagsusulong ng intelektwalisadong wikang Filipino. Ang patuloy na paggamit ng wikang Ingles sa mga institusyon ng pamahalaan at sa iba pang sector sa ating lipunan ay lalo lamang nagmamamahal sa malaking bilang ng ating populasyon.

*Sundan sa pahina 23*

## Korean invasion

**M**adalas kong ibahagi saaking mga klase ang text joke na ito mula sa isang kaibigan:

Sa isang palubog na bangka, may tatlong lahi ang nakasakay – Kano, Hapon at Pinoy. Nagkasundo sila na magtapon sa dagat ng gamit na marami sa kanila para maiwasan ang paglubog ng bangka.

Kano: Ako, itatapon ko ang mga laptop ko.

Hapon: Ako naman, mga robot.

Pinoy: Ganun ba, ako mga Koreano.

Mula mall, palengke, plaza, movie houses at pati sa mga unibersidad, may mga Koreano tayong masasalubong sa bawat araw. Iisipin mong nasa isang taping ka ng isang Koreanovela.

Huwag ka nang magtaka.

Sa isang media report, noong nakaraang taon, mahigit 600,000 na Koreano ang

dumating sa Pilipinas.

Mula Enero hanggang Hunyo ngayong taon, umabot na sa mahigit 500,000 ang mga Koreano na nasa bansa. Sabi ng isang government official, ang mga Koreano ang nangungunang lahi na bumibisita sa bansa sa nakalipas na dalawang taon.

Noong Abril sa isang coverage ko sa Baguio City, umapaw ang Cooyeesan Hotel ng mga Koreano.

Sabi ng bell boy sa akin, naka-enroll ang mga Koreano ng ito ng three-month English course sa isang eskwelahan na nasa loob ng nasabing hotel.

May isang floor nga doon ang nakasulat na: "Speak English only" corner.

Wala namang masama sa pagdagsa nila rito. Sa katunayan, plus factor sa ating gobyerno ang pagpunta nila rito dahil tunay namang lalago ang ekonomiya.

Ang matuto sa wikang Ingles ang pangunahing pakay nila sa pagpunta sa ating bansa. At bakit naman hindi. Tayong mga Pinoy ang ikatlo sa pinakamahasag daw na magsalita ng Ingles. Una ang Amerika kasunod ang England.

At least, nagagamit natin ang bentaheng ito. Kaya lang, hindi kaya dumating ang panahon ay pati ibang lahi ay pumunta na rin rito upang humusay sa wikang Ingles?

Suspetsa ko, lalong tatapang ang mga anti-Filipino na isulong ang Ingles na wikang panturo sa mga paaralan dahil makikinabang ang bansa.

Kaya ba tayo tuturuan mag-Ingles ay para maging guro ng mga Koreano? Sana naman hindi.

Ang katotohanan na nakapaloob sa paglobo ng bilang ng mga Koreano sa Pilipinas ay may kinalaman sa usapin sa wika.

*Sundan sa pahina 13*



**Kolum  
ni Joel Orellana**

# Tikim Katha / Kultura

## Ang Paghuhubad sa Tsinelas (O Kung Bakit Hindi Ako Makumbinse ng Havaianas) ni Louie Jon A. Sanchez

**T**akang-taka ako sa sarili sa dalawang damdaming nadarama ko sa tuwing pumapasok sa klase't nakahaharap ang mga mag-aaral na pawang nakatsinelas ng Havaianas. May pagkamangha ako-na nanunulay sa pagkibot ng inggit, bagaman may kakayahan namang bumili ngunit hindi pa rin magawa sapagkat kulang sa oras at katamaran; Mayroon ding pagkalito, pagduruda-naloloko ang mga mag-aaral ko sa tsinelas na itong halos wala namang pinag-iba sa karaniwang Spartan na binibili ng ina ko sa palengke noong bata-bata pa ako. Sa isang banda, gusto kong sumakay sa uso-binalak ko kamakailan ang bumili ng sarili kong pares, at nagtungo sa Rustan's kung saan ipinangalandakan ng makulay na eskaparate ang garantisadong orihinalidad ng branded na tsinelas. Ngunit nanaig ang duda ko. Sinalat ko ang tsinelas at ang bandila ng bansang Brazil na nakatatak dito, dinama ang likod, ang strap, ang harap, ang suwelas. Walang kaduda-duda isa lamang siyang karaniwang tsinelas: may amoy ng karaniwang goma, may katigasan ng karaniwang goma. Hindi ako nakumbinse ng Havaianas.

Tanda ng sibilisasyon ang tsinelas. May hinala akong bahagi ito ng unibersal na mito ng pananamit: matapos matutong maglilip ng kasuotan upang itago ang kahubdang hindi katanggap-tanggap sa kalakaran ng paningin ng lipunan, natutuhan din ng tao ang gumamit ng sapin sa paa. May kahubdan din ang paglapag ng talampakan sa lupa, may kahubdang sumasagap ng bawal na dumi, ng mga kailangang ipagpag upang mapanatili ang kalinisan ng katawan. Kabukod ng katawan ang marumi at mapanganib sa paligid; kailangan maprotektahan ang katawan mula sa mga elemento. Ang mito ng tsinelas, sa palagay ko, ay uminog sa pangangailangang primal na ito. At nadala nito ang ganitong kuwento hanggang sa higit na magkaisip ang tao't makalikha ng mga sapatos, na higit na mas mabuting sapin dahil hindi na lamang nakatuon ang tao sa pangangaso at pagtanim. Dumaan ang panahon ng mga bakal at bato. Dumatal ang panahon ng makina at mekanisasyon. Ang pagsusuot ng sapin sa paa bilang isa pang anyo ng pagkukubli ng kahubdan-ng kahubdan ng mga paang nagtitindig sa pagkatao ng tao-ay hindi nagtapos sa pagiging sapin sa paa. Tulad ng maraming karaniwang bagay, naging tanda ito ng katayuan (at lalo akong kinikilabutan sa pagkakatipa ko ng salitang "katayuan"; paang sinasapinan ang ating pinag-uusapan at ngayon, nadadawit na rin ng tayo, ang tayo na ugat ng katayuan sa buhay, na itinitindig ng sapin). Sa Filipinas, laging kaawa-aawa ang mga taong walang sapin sa paa.

Hindi ko matiyak kung may pagbabanggit si Antonio Pigafetta hinggil sa pagkakaroon ng sapin sa paa ng mga Filipino nang paslangin ni Lapu-Lapu si Magellan. Ngunit tila wala nga, kung papansinin natin ang mga karakterisasyon sa mga matapang na hukbo sa Mactan sa ilang mga pinta hinggil sa labanang nabanggit. Nang bisitahin ko ang monumento ni Lapu-Lapu sa Mactan noong isang taon, naaalala ko ring wala rin siyang sapin sa paa. Sa mga pista kung saan ginugunita ang pinakaunang makabuluhang panalo ng mga Filipino laban sa mga mananakop, laging walang sapin sa paa ang mga gumaganap. Liban sa ilang paglalahad o rendisyon, tulad na lamang sa mga miyural ng Ayala Museum, wala tayong katiyakan sa aking sinasabi, dahil laging ipinakikitang nakalublob ang mga paa ng mga katutubo sa dagat. Kung susundin ko ang lohika, mukhang wala nga talaga silang mga sapin sa paa noong mga panahong iyon. Hindi ko na pahahabain pa ang usapin ng kasaysaya't hindi naman ako historyador. Ang siste ko lamang marahil ay ganito: malaon na nating itinatanghal (performance) ang ating makasaysayang sarili (historical self) sa maraming okasyon bilang mga taong walang sapin sa paa, at tila nag-uugat ito sa pagkakabukod (otherness) natin sa paningin ng mga mananakop. Sila ang nagtatakda ng kaibhan (tingnan na lamang ang mga kronika ng iba pang tanyag na historyador na kasama ng mga Tagapagtuklas tulad ni Magellan). Na tila бага nakadaragdag ito sa ating pagiging katutubo, sa ating etnisidad. At ang ating etnisidad ay madalas nating itinatanghal at inilalakong tila komoditi dahil tiyak na mabenta ito sa merkado ng malay ng nasa loob at nasa labas ng bansa. Laging sinasalubong ito ng masigabong palakpakan. Hindi natin alam, maaari itong mabasa bilang patuloy na pagmamaliit sa ating sarili.

Sa ating mga likhang sining-mapapinta man o mapatanghalan-lagi tayong walang sapin sa paa. Mulang paglalarawan sa hukbo ni Lapu-lapu, hanggang sa pagtanim natin sa mga bukirin ni Fernando Amorsolo, ang mga Filipino'y walang sapin sa paa, laging lublob sa tubig-dagat ng pagbalikwas, o sa tubig-putik ng maghaponng pagyuko, ng maghaponng pagbuhay sa ating agrikultural (na laging nadadawit sa pyudalismo) na pag-iral.



### **Ang Paghuhubad sa Tsinelas (O Kung Bakit Hindi Ako Makumbinse ng Havaianas)**

Hindi na rin kagulat-gulat ang paglitaw ng mga pagtatanghal na ito, tulad na lamang ng tinatawag ngayong "Tsinelas Festival" sa Nueva Ecija. Sa bayan nating sawi, ngunit namumuhay sa liwanag, kinang at aliw ng pista (kahit saang bayan ay may "festival" na tinatawag-sa Quezon nga lamang ay mayroon na nang Pahiyas, mayroon pang Lambanog Festival at kung ano-ano pa), walang kamalay-malay ang mga taong patuloy nilang iginigiit ang isang uri ng karakterisasyon sa kanila ng kulturang nalason ng gahum ng kolonisasyon bilang lahing mahirap, nagbabahala-na, at walang patutunguhan. Oo, ipinagdiriwang natin sa Tsinelas Festival ang galing ng Filipino (sa paglikha ng tsinelas), ngunit papaano ba natin ito ipinagdiriwang? Sa kailaliman ng ating malay, hindi ang kalinangan ang ating ipinagdiriwang; nakalublob pa rin ang ating mga walang-saping paa sa kawalang paninindigan ng pamahalaan, ng ating mga kalakarang pambanyaga, ng pagkakawatak-watak na sanda-sandaling binubuo ng laban ng isang mitolohikong Pambansang Kamao, si Manny Pacquiao, na minsan nang naging endorser ng isang lokal na tsinelas.

Wala tayong patutunguhan bilang bansa. Kung sinasabing maraming nararating ang isang matibay na tsinelas, tiyak na wala tayo nito. Nananatili tayong nakayapak, gasgas ang talampakan sa mainit at magaspang na kalsada, tulad ng mga kala-lakiha't kababaihang taon-taong namamanata sa Poong Nazareno sa Quiapo, na ginugunita ang paglibot ni Kristo sa sarili niyang Via Dolorosa, na nakayapak. Paikot-ikot tayo ng ating mga kolektibong Quiapo (na pugad ng kung ano-anong piracy). Dinarakila natin ang ating kawalang-sapin sa paa sa lahat ng pagkakataon.

Kaya marahil hindi tayo naligtas sa phenomenon ng Havaianas, ang tinaguriang "world's best rubber flip flop". Sa website nitong singtingkad at singkulay ng mga tsinelas nilang iniskaparate sa Rustan's, mahaba-haba ang kasaysayan nito. Mula sa pagkakalikha ng karaniwang "alpargatas" na sinusuot ng mga tagapag-ani ng kape sa Brazil noong 1907, malayo na ang narating ng Havaianas. Nailako ito sa buong Brazil, naging mabili noong World Cup sa Pransiya, ginawang cover story ng ilang kilalang fashion magazine, sinuot ng kung sino-sinong modelo sa rampa. At totoo namang tinatangkilik. Sa seksyong "Havaianatics" ng website, napakaraming mga testamento ng mga maliligayang kostumer ang nakapaskil sa iba't ibang wika. Kinababaliwan ang tsinelas, kinukulekta (may larawan ng isang babaeng nakahiga sa sarikulay na mga Havaianas!), inaalagaan, minamahal (may nagsabi sa wikang text na, "i huv dut, and I wil luv my havaianas forever..."). Matagumpay ang negosyong ito na napasimulan ng mga taga-Brazil. Mahusay ang pagkakabenta. At mababanaag ito sa patuloy na paglalahad ng kasaysayan niya, sa pamamagitan ng pagbabanggit ng mahahalagang advertising campaign na nilikha para rito bilang mga panulukang bato ng kaniyang historya.

Ang phenomenon ng Havaianas bilang texto'y nagpapakita ng maraming kontradiksiyon. Bilang isang karaniwang produkto ng isang bansang hindi naman lubos na nakaaangat tulad ng Filipinas, ang Havaianas ay nilikha ng kapital bilang isang mahalagang pangangailangan. Kung babalikan at ilalapat natin ang konsepto ng tayo na binanggit ko na kanina, makikita ang Havaianas bilang isang makabagong status symbol, ng kakayahang makibahagi sa kultura ng makapangyarihang pamimili (spending) at pamimili (choice). Napakarami nitong disenyo, napakaraming kulay! Hindi nga ba namumuhay na tayo sa mga pagkabasag ng sentro, ng mga pader, ng mga institusyong humuhubog sa ating mga pagpili? Isang simbolo ng kosmopolitanismo na laging nagpapalaganap ng pagpapanggap-maalwan, makabago at globalisado.

Ang tagpuan ng textong Havaianas ay sa dagat-ang tema ng disenyo ng tsinelas ay may pagkaeklektiko at retro (mga kumbinasyong dilaw, lila, rosas, at kahel madalas), at madarama mong tila nais kang ilakad ng tsinelas sa buhanginang tila pinamamahingahan ng malalaking alon ng paraiso ng Mardi Gras, Bossa Nova at capoiara. Hindi layo ang karanasan natin sa Brazil-kapwa tayo mga kolonisadong bansa; mga bansang patuloy na nag-uusig sa ating mga kamalayan, kultura at kaban-saang hinubog ng mananakop.

Ang Havaianas ay isang construct, isang likha ng kasaysayang itong marahil ay nagtanggap din sa mga taga-Brazil ng kanilang mga sapin sa paa. Kaya ang naging sagot nila ay: mag-Havaianas. Sa isang banda, maaaring ituring na mabuti ang pagsikat nito (parang ang kolonisado naman ang nananakop; tandaang mabenta ito sa Europa at Amerika, na siyang mga unang imperyalista). Kundi nga lamang ito minamanipula ng maka-Kanlurang konsepto ng kosmopolitanismo at globalisasyon. Sapagkat isa lamang itong produkto. At sa palagay ko'y hindi naman magiging matagumpay ang Havaianas, at ang mga kinakatawan nito (signifieds) kung hindi ito napailalim sa kapangyarihan ng malakihang interes ng negosyo, gamit ang advertising at media. Iginigiit nito ang sariling gramatika, kultura at kamalayang waldas at pinatatakbo ng global na dikta hinggil sa rangya, antas ng buhay at pamumuhay (lifestyle). Ito'y isang pamumuhay ng pagpapanggap, at higit sa lahat, pagpapalukob sa patuloy na kolonyalismo.

### **Ang Paghuhubad sa Tsinelas (O Kung Bakit Hindi Ako Makumbinse ng Havaianas)**

Nagunita ko tuloy ang isang kanta ng bandang Yano hinggil sa tsinelas. Sa awiting ito nais nang papalitan ng tinig ang kaniyang tsinelas dahil "pudpod na't gasgas/ baka mapigtas 'tong luma kong tsinelas". Sari-sari na ang mga pinagdaanan ng tinig kasama ang tsinelas na ito: " 'Tong luma kong tsinelas.// Una akong naligtas/ noong kami'y ma-teargas/ buti't nakaiwas/ sa mga ahas at mga hudas"; "Sabay pinalabas sa grocering ma-class/ masakim na balbas/ mukha raw takas, mukhang mandurugas./ Ako ba? at aking tsinelas./ Kaya, Mang Kulas/ pabili na ng tsinelas." Ang tsinelas dito'y mistulang larawan ng kaluluwa ng tinig-na maaaring basahin na tumutukoy rin sa kaluluwa ng bansa-maaaring itinuturing na gutay-gutay, at malapit nang "mapigtas". Sa pag-alingawngaw ng awit na ito sa aking malay, tila nakikita ko ang kalagayan nating wari bang nagnanais o malapit na ring magpalit ng tsinelas-o baka nga nagpalit na nang tuluyan? Tiyak na pinagninilayan natin ang pagbili at pagsusuot ng isang magandang tsinelas, iyong pinakamahusay upang lalong magtagal at maging maasahan. Sa paghuhubad natin ng ating sapin sa paa, o maaari, sa pagpapatuloy natin sa pagiging walang panyapak, maaaring magayuma tayo ng Havaianas, na kumakatawan sa lahat ng pangakong alwan, husay at kabaguhan sa ating milenyal at globalisadong pamumuhay. Papaano tayo mamimili o mamimili? Sa huli, hindi ito usapin ng pagtangkilik ng sariling atin, o pagboboykot sa isang simpleng tsinelas. Mas malalim ang pagpiling hinihingi sapagkat malalim din ang mga kahulugan at usaping mahahango.



\* Si LOUIE JON A. SANCHEZ ay nagtuturo ng Wika at Kultura sa Departamento ng Filipino.

## **Intsik, Tsino, o Tsinoy... Ano ba Talaga?**

**ni Vincent Lester G. Tan**

**H**oy Intsik! Chekwa o Intsik beho o kaya naman ay pa-kantang ching chong chang ang aking naririning sa tuwing naglalakad ako sa Binondo noong ako'y pitong taong gulang. Sa una, pakiramdam ko ba'y isang kasalanan ang pagiging Intsik. Sabi ko nga sa sarili, kung pagka-Intsik ay isang damit matagal ko na itong hinubad. Kung minsan nga, binabatak ko pa ang aking mga mata upang pilitin itong lumaki para kahit paano'y magmukha akong Pilipino nang sa gayon ay hindi na ako tuksuhin at ituring na nila akong isa sa kanila. Sa susunod ko nalang proproblemahin ang kulay ng aking balat. Ang nasa isip ko lang noon ay basta't malaking ang aking mga mata ay hindi na ako tatawaging Intsik o kakantahan ng ching chong chang.

Sa totoo lang, bagama't karamihan sa mga kalahi ko kabilang na ang aking mga magulang ay Pilipino na ang pagkamamamayan at matagal na naninirahan at nagnenegosyo sa Pilipinas. Idagdag pa ang kasaysayan ng Pilipinas na nagsasabing nakikipagkalakaran na ang mga Tsino sa mga Pilipino bago pa man sakupin ang bansang ito ng mga Kastila. Magkagayo pa ma'y hindi pa rin Pilipino ang tingin sa amin ng mga Pilipino. Kahit pa sabihing noong dekada otsenta hanggang sa mga huling taon ng dekada nobenta ay may mga programang Tsino na ipinapalabas sa channel 5 tuwing Linggo ng umaga. Ang mga ito ay hindi pa rin sapat para ituring kami ng mga Pilipino na bahagi o kabilang sa kanilang lipunan.

Minsan pa nga'y narinig ko sa palengke ang isang ale na may hawak na produktong Tsino. Agad niya itong binitawan sabay sabing "ayoko bilihin ito, hindi ko maintindihan... puro sulat ng Intsik." Hindi kagaya ngayon na basta made in China ay binibili natin agad dahil mura ito kahit ihambing pa natin ang presyo sa mga produktong lokal. Tsaka nalang natin malalaman sa balita na ang binili pala nating made in China ay may lead o may halong melamin na mapanganib sa ating kalusugan.

Noon talaga kapag Tsino o Tsinoy, Intsik ang tawag ng mga Pilipino. Pero kapag kami ay nasa ibang bansa halimbawa'y sa Tsina, sasabihin sa amin na Pilipino kami dahil Pilipino ang pagkamamamayan na nakalagay sa pasaporte namin (mismong mga kalahi namin ang nagsasabing kami'y mga Pilipino na). Nakakalito talaga, dahil kapag nasa Pilipinas kami, Tsino ang tingin sa amin, kapag kami ay nasa Tsina o Hong Kong Pilipino ang tingin sa amin. Tinanong ko ang aking ina hinggil diyan. Ang sabi niya Chinese daw kami pero Pilipino na rin dahil nasa Pilipinas na kami pinanganak at lumaki. Litong-lito pa rin ako dahil hindi pa uso noon ang katawagang Filipino-Chinese o Chinese-Filipino. Kaya ano ba talaga ang dapat na itawag sa mga kagaya ko?

# ANG PAGBABALIK NG AMIAN

## ni Prop. Maan Caampued

**A**mian ang Iluko para sa hanging amihan o ang hanging nagmumula sa Amianan o Hilaga. Nagdudulot ito ng malamig na simoy na natatamasa sa buong kapuluan tuwing Setyembre hanggang dumating ang Kapas-kuhan at nananatili hanggang unang kuwarto ng bagong taong darating.

Mahalaga ang pagdating ng amian sa Amianan dahil ito ang hudyat ng pagsibol at anihan; paghango sa mga bungang itinanim at pinaghirapang payabungin ng nakaraang siklo ng panahon.

Sa kaisipang Iluko, 'di lamang kosmolohikal ang pagdating ng amian, ipinapasilay rin nito ang katangian ng mga taong nananahan sa amianan. Ito ang kaalwanan at ang kahinahunan ng damdamin, ang pagiging hubog at ganap, at lalong higit, ang pagiging mabunga at produktibo.

◆◆◆

Nitong unang termino, nagbabalik ako sa Gradwadong pag-aaral bilang mag-aaral ng PHARFIL. Naging makabuluhan, kapaki-pakinabang at katangi-tangi ang pagbabalik na ito. Salamat sa aking mga *guru*, sina Dr. Lakangiting Garcia at Dr. Rhod Nuncio sa matimyas na pag-alalay sa aking pagbabalik. Natunton ko ang pagsasakapang-yarihan sa personal at pormal na antas ng akademikong pakikibaka.

Hitik sa kaalaman at kasanayan, mahusay ring kilalanin ang kanilang pagiging ganap na La Sallian Educators sa pagbibigay-modelo ng pagsasakripisyo; si Dok Lakan sa kaniyang masugid na pagdalo sa mga klase bagamat Special Class ito at si Apo Rhod sa pagmamaksima ng iba pang panahon liban sa regular na klase.

Nagagalak akong sabihing makakapiling kong muli sa Ikalawang Termino si Dr. Lakan sa AFL 603 Kurikulum, samantalang nakatutuwang isiping loc. 328 lang ang distansiya ni Apo Rhod, ang ginoo sa Miguel.

◆◆◆

Naging matiwasay rin ang aking pagbabalik sa mabubungang balitaktakan kasama ang mga bagong kaibigan --- ang palakaibigang si Osang, ang HS for the Arts (Makiling) teacher na si Stephen, ang palagi kong namimiss na sina Wan, Aring at Irish, ang may kislap sa mga matang si Yuan, ang makulit na si Bren at siyempre pa, ang aking bunsong kapatid, ang bonitong si Alvin Ringgo.

◆◆◆

Kasabay ko sa pagbabalik ang FLAGS (Forum for Liberal Arts Graduate Students), ngalan ng dating organisasyon ng Graduate Students sa CLA at bilang kinatawan ng Execom sa muling pagbubuo nito, hinihikayat ko ang lahat ng kapwa mag-aaral sa aktibong pakikisangkot sa muling pagtatatag nito.

◆◆◆

Maraming salamat at maligayang pagtanggap sa pagbabalik ng amian sa ating kolektibong buhay bilang Lasalya-nong tagasulong ng adhikaing Filipino at Filipinolohiya.

◆ ◆ ◆

# Musika

NEO  
*Nocturne*

on its Second Season  
proudly presents...

## Ode to Flying

DOMINO C. MARCOS  
Conductor

with special guest  
MAGSAYSAY  
CHILDREN'S  
CHORALE

October 11 & 12, 2008  
3:00 PM 7:00 PM  
Philam Life Auditorium  
U.N. Avenue, Manila

2  
SEASON

NEO  
*Nocturne*

Ang Neo Nocturne, isa sa pangunahing mahuhusay na koro sa bansa ay magtatanghal ng kanilang konsyertong *Ode to Flight* bilang bahagi ng kanilang 2nd Season sa ika-11 at 12 ng Oktubre sa ganap na 3n.h. at 7n.g, sa Philamlife Auditorium, U.N. Avenue, Maynila.

### Ang Repertoire

*Rorando Coelis* (Traditional Latin)  
*Aba Ginoong Maria* (Musica Sacra)  
*Cucu!* (Juan del Encina)  
*El Periquito* (Spanish Folk / Arr. Modesta Bor)  
*Fratello Sole, Sorella Luna* (Italian Folk)  
*Great Day* (Moses Hogan, Traditional Spiritual)  
*Waway* (Ibanag Folksong / Arr. Eudy Palaruan)  
*Paruparong Bukid* (Tagalog Folk)  
*Bluebird* (Mary Coleridge / Charles Villiers Stanford)  
*The Way You Look Tonight* (Dorothy Fields / Jerome Kern)  
*Blackbird/I Will* (The Beatles / P. McCartney)  
*Ihip ng Hangin* (The Company)  
*T.L. Ako sa 'Yo* (Cinderella)  
*Prayer of the Children* (K. Bestor / A. Klouse)  
*This Guy's in Love with You Pare* (Parokya ni Edgar)  
*When You Believe* (Stephen Schwartz)  
*Isang Mundo, Isang Awit* (C. Borela / N. Pedero)

Ang konsyertong ito ay isang pagbibigay-pugay sa kasiyahan ng paglipad, sa mga bagay-bagay sa kalangitan at hangin, sa mga pumapagaspas at sa mga tumatayog at pumapaimbulog sa kalawakan. Ito ay isang pagpapatuloy ng itinanghal na konsyerto noong nakaraang Marso 2008, kung saan itinampok ang pagsibol at pagyabong ng koro mula sa saglit na pananahimik. Mula sa muling pagsilang hanggang sa paglipad, ang pangunahing pagtatanghal na ito ang magpapatunay at magbubunyag pa sa higit na kagalingan ng koro sa kanilang layong mapatingkad at mahasa pa ang kanilang galing sa larangan ng musika. Muling maaliw ng mga tinig sa gabing puspos

Tickets are available at the walk-in rate of P300. Discounted price, marketing incentives and referrals are offered for bulk buyers and sellers. For questions and inquiries, please call or text us thru mobile numbers, 09158537700 & 09206360150.

Mula sa pahina 5... *Kritika Bilang Tsismis*

Ano muna ang pinagtsismisan? Dalawa ang sagot dito, una ang textong susuriin at ikalawa ang teoryang gagamitin. Kadalasan sablay sa maraming bagay ang tsismosong kritiko:

- Dinidiktahan ng uso (kung ano ang uso sa labas) ang pananaw ng kritiko. Siyempre sa ating kultura, kakambal ng uso ang tanong na “Uy, bagay ba?”
- Ang kritika niya’y nahagap lamang niya sa sinabi ng iba at paulit-ulit na ginagamit pa rin ng iba kahit laos na at hindi na totoo.
- Umaasa lamang sa diskurso sa labas bago makapagsimula ng kanyang sariling diskurso. Kaya nga’t madalas ang hiram na diskurso sa akademya dahil sa ating bansa walang agenda ang mga kritiko’t iskolar.
- Mga popular na texto ang sinusuri dahil kasapakat na ng komersyalismo ang trabaho ng kritiko. Imbis na kritiko, PR ang dating niya.
- Hindi marunong magbasa. Binabasa lamang ang kritika ng kanyang kapwa kritiko o di kaya’y isinasalin lamang ang nabasang kritika sa kanyang sariling wika.

Pinapalaganap niya ang tsismis sa mga susunod pang mga tsismosong kritiko.

Sa maiikling panahon ng limang dekada, nagkagulang ba talaga ang kritika? Marahil nasa yugto pa tayo na kung saan tsismis ang umiiral sa larang ng pagkrikritika. Malakas pa rin kasi ang usap-usapang dala ng tagalabas at kasabay nitong napipipi ang maraming manunulat, iskolar, kritiko, guro’t mag-aaral sa ating bansa. Pero hindi naman talaga maiiwasan ang yaong galing sa labas. Dapat marunong tayong sumabay ngunit malay na nagsasarili’t may kasarinlan sa ating pag-iisip at pag-unawa.

Paano ba nabubuo ang kritika? Mag-isip tayo sa Filipino.



## Tawa naman Tayo!!!!

Aanhin ang palasyo kung ang nakatira ay kuwago, mabuti pa ang bahay kubo, sa paligid puno ng linga.

Ang taong nagigipit...sa bumbay kumakapit

Ang hindi marunong magmahal sa sariling wika, lumaki sa ibang bansa.

Mula sa pahina 7... *Korean Invasion.*

Dahil mahusay tayo sa Ingles, at mura ang edukasyon sa bansa, praktikal lamang sa mga lahing ito na piliin ang Bayan ni Juan bilang destinasyon ng unang hakbang nila upang umunlad sa buhay.

Ayon nga sa naturang media report, may isang Koreano ang nagpasya nang mag-retiro sa Pilipinas sa edad na 40. Kasama niya ang mga anak sa pagreretiro dito.

Nabanggit pa sa report, sa Pampanga, mayroon na silang tinatawag na Korean town na maaaring kumaribal sa Chinatown.

Nangangamba ako na baka bumalik tayo sa panahon ng kolonisasyon. Sa pagkakataong ito, ang wikang Ingles ang sasakop sa ating kamalayan na maaaring magresulta ng pagkawala ng identidad bilang mga Pilipino.

Kasabay nang pagkamatay ng wika.



# Usapang wika

## Ang Epekto ng Wikang Filipino sa Pagiging Global ng mga Pilipino ni Prop. Ramilito B. Correa

**N**apakahalaga ng wika sa atin bilang tao; sa atin bilang mga mamamayan, sa atin bilang bahagi ng lipunan; at sa atin bilang mga Pilipino. Ito ang ginagamit natin sa komunikasyon; sa pakikipag-ugnayan sa kapwa; at sa pagpapahayag natin ng ating mga nararamdaman at sa gustong sabihin ng ating isipan. Mangyari pa, wika ang siyang nagbubuklod sa sambayanan; wika ang nagsisilbing susi sa pagkakaisa ng sandaigdigan; wika ang bumubuhay sa sangkatauhan Subalit kung minsan, wika rin ang nagiging dahilan ng hindi natin pagkakasundo; ng ating pagkakawatak-watak; na nagiging hantungan ng ating pagkakawasak hanggang sa sukduhan ng ating pagkayurak.

Kung pagbabatayan natin ang Banal na Aklat, bago pa man nagkaroon ng sangkatauhan ay may wika nang umiiral. Sapagkat naniniwala tayong may Diyos. Naniniwala rin tayong may wikang ginagamit ang Diyos, sapagkat may salita ang Diyos. Nang likhain ng Diyos ang sandaigdigan, wika ang Kanyang ginamit upang lumitaw ang lahat ng bagay na ating nakikita, naaamoy, nalalasp at nararamdaman – pinangalanan niya ang mga hayop, isda, puno, hangin, halaman, mga anyong-tubig (karagatan, dagat. Ilog, look, lawa, kipot, sapa, bukal) mga anyong-lupa (bundok, burol, lambak, talampas, kapatagan) at iba pang mga likas na yamang taglay ng daigdig. Ang lahat ng ito ay pawang may mga pangalan, may mga katawagan, saang sulok man ng daigdig ay may wikang pinanggagalingan.

Ang ating mga damdamin ay maaari ring mailarawan sa pamamagitan ng wika: tampo, sama ng loob, hinanakit, galit, suklam at poot; lumbay, lungkot, at panglaw; pagluha, pag-iyak, at pagtangis; ngiti, tuwa, ligaya at saya. Maging ang kalagayan ng panahon ay nailalarawan din ng wika: hamog, halumigmig, ambon, ulan, bagyo, maaraw, makulimlim, maalinsangan. Ang realidad ng wika ay may hiwagang bumabalot na mahirap maipaliwanag ngunit nararamdaman, nalalasaan, nahahawakan, nariringgan.

Sa Banal na Kasulatan. Iisa lamang noon ang wikang ginagamit ng tao. Subalit dahil sa matayog na ambisyon ng tao, dahil sa iisang wika nila, dahil sa nagkakaintindihan pa sila, pinangarap nilang abutin ang langit upang pantayan ang Diyos sa pamamagitan ng pagtayo ng isang mataas na tore na tinawag nilang 'Babel'. Dahil sa matayog na pangarap na ito ng tao na kasintayog ng 'Tore ni Babel' ay binigyan tayo ng aral sa buhay ng Diyos. Ang mga taong nagtayo ng 'Tore ni Babel' ay binigyan ng Diyos ng iba't ibang wika. Dahil dito, hindi na sila nagkaintindihan. Wala ni isa man sa kani-la ang nagkaunawaan. Hanggang sa tuluyan na silang magkahiwa-hiwalay. Dito lumitaw ang napakaraming wikang sa kalaunan ay kumalat na rin sa iba't ibang sulok ng mundo.

Kung pagbabatayan natin ang pagkakalimbag ng Banal na Kasulatan, Hebreo marahil ang unang wika ng sandaigdigan. Ito ang unang wikang ginamit sa kasaysayang Biblikal kung paano nagkaroon ng iba't ibang bansa sa daigdig, kung bakit may iba't ibang wikang sinasalita ang tao, kabilang na rito ang ating bansang Pilipinas na isang multilinggwal na bansa. Isang bansang higit sa isandaan ang wikang sinasalita.

Sa kasalukuyan, napakarami na ng bansa. Napakarami na ng iba't ibang wikang sinasalita. Sa katunayan, nasa isandaan at siyamnapu't lima (195) ang bilang ng bansang mayroon sa daigdig ngayon (sa ibang datos ay 197 ang bilang ng bansa). At ang populasyon ng halos dalawandaang bansang ito ay umaabot na sa mahigit na 6.684 bilyon. Sa bilang ng populasyong ito, ang 88.57 milyon nito ay mga Pilipino, na ayon sa *ranking* ay panlabindalawa na sa may pinakamalaking populasyon sa buong mundo.

*Ang Epekto ng Wikang Filipino sa Pagiging Global ng mga Pilipino*

Sa ipinapakita ng estatistikang ito, ibig sabihin, umaabot na rin sa 88 milyong Pilipino ang nakapagsasalita na ng wikang Filipino. Bukod pa sa bilang na ito ang halos milyun-milyong Pilipinong naninirahan, naghahanapbuhay at nagtatago sa iba't ibang sulok ng daigdig. Maaaring humigit-kumulang na sa 90 milyon ang mga Pilipino sa buong mundo kung kaya't maaaring humigit-kumulang na rin sa 90 milyon ang nakapagsasalita ng wikang Filipino sa bawat sulok ng daigdig sa kasalukuyan.

Gaano na ba ka-global ang mga nandarayuhang mga Pilipino? Tandaan natin na bitbit ng mga Pilipinong ito, sa kanilang pagdayo, ang wikang kanilang ginagamit – ang wikang Filipino.

Alamin natin ito sa pamamagitan ng mga sinasabi sa 'statistics.' Ayon sa Philippine Overseas Employment Administration (POEA) noong 2006, ang mga deployed OFW's ay umaabot na sa 1, 221, 417 mula sa dating 1, 204, 862 noong 2005.

Ang mahigit isang milyong manggagawang ito ay matatagpuan sa mga bansa ng Saudi Arabia, United Arab Emirates, Kuwait, Taiwan, Qatar, Hong Kong, Korea, USA, Lebanon, Japan at marami pang bansa sa buong daigdig.

Bukod sa mga manggagawang ito, milyun-milyong Pilipino na rin ang lehitimo at di-lehitimong mga naninirahan sa iba't ibang sulok ng bansa. May palagay akong sa 195 na bansa sa buong daigdig ay may Pilipinong nagtatrabaho, naninirahan o nagtatago man lamang sa lahat ng bansang ito. Sa madaling salita, ang buong daigdig ay pinalilibutan na ng mga Pilipino. At ang milyun-milyong Pilipinong ito ay siguradong nakapagsasalita o nakakaunawa man lamang ng wikang Filipino. Lumilitaw na dahil sa penomenong ito, Global na rin ang Wikang Filipino.

Subalit sa paliwanag kong ito, ano ang aking mga patunay? Ayon sa Wikipedia, sa talaaan ng pinakamaraming gumagamit ng mga katutubong wikang sinasalita. Ang wikang Filipino ay panlimampu't isa (51<sup>st</sup>) na. Ayon sa ulat noong 2006, bilang wikang Pambansa at katutubong wika ng Pilipinas, sinasabing ang Wikang Filipino ay ginagamit ng 17 milyong tao sa mahahalagang pamayanan sa Canada, Hong Kong, Qatar, Saudi Arabia, United Arab Emirates at United States partikular na sa Alaska, California, Guam, Hawaii at Northern Mariana Islands. Sa iba pang paraan ng pagtatala noong taong 2000, ang mga katutubong nagsasalita ng wikang ito ay umaabot sa 22 milyon, samantalang 65 milyong tao naman ang gumagamit ng wikang Filipino bilang pangalawang wika. Kung pagsasamahin ang mga gumagamit ng wikang Filipino sa buong daigdig noong taong 2000, bilang katutubo man o pangalawang wika, umabot ito sa 85 milyong nakapagsasalita at gumagamit ng wikang Filipino. Ibig sabihin, may 65 milyong hindi Pilipino ang nakapagsasalita at gumagamit na rin ng wikang Filipino.

Sa isang episode noon ni Jessica Soho, natuklasan niyang ang Filipino (sa istruktura ng Tagalog) ay bahagi ng kurikulum sa isang pamantasan sa Russia bilang pangalawang wika nila. At ang nakakagulat pa, (para sa akin) Ruso ang nagtuturo nito sa mga estudyanteng nais matuto ng wikang Filipino.

Dito sa ating pamantasan sa De La Salle University-Manila, ngayong iskulyir na ito, noong term 1, mahigit isandaang Koreano ang naging enrollees para mag-aral ng Basic Filipino.

Bukod sa mga nabanggit ko, natuklasan kong ang wikang Filipino pala ay itinuturo rin bilang kurso sa ilang mga bansa sa Kanluran: sa Melbourne, Australia; sa Vancouver, Canada; sa Saint Germain en Laye sa France; sa Ramsgate, Great Britain; at sa Livorno, Italy.

Sa mga nabanggit kong ito, nagpapatunay lamang na ang wikang Filipino ay buhay na buhay hindi lamang sa Pilipinas kundi maging sa bawat sulok ng daigdig.

Nakakalungkot lamang na tayo mismong mga Pilipino ay may maling saloobin, pakikitungo at paraan ng paggamit sa wikang Filipino samantalang pinahahalagahan ito ng mga dayuhan at kinikilala na sa buong daigdig.

*Ang Epekto ng Wikang Filipino sa Pagiging Global ng mga Pilipino*

Halimbawa na lamang ang *Gullas Bill* at ang *Executive Order 210* na tahasang sumasalungat sa wikang Filipino at sa mismong Saligang Batas natin.

Ayon sa mga kautusang ito, dapat payamanin pa ang pagtuturo ng Ingles sa pamamagitan ng paggamit nito bilang midyum ng pagtuturo sa lahat ng antas mula elementarya patungong hayskul hanggang sa makatapos ng kolehiyo. Wala namang masama na matuto tayo ng Ingles sapagkat ito ang lingua franca ng daigdig at kakailanganin natin ito sa pakikipag-ugnayan natin sa ibang bansa subalit ang mga kautusang ito ay yumuyurak sa karapatan ng mga guro at estudyante na gamitin ang wikang Filipino sa pag-aaral, pakikipag-usap at maging sa pananaliksik samantalang napakarami nang naisagawang pag-aaral sa lahat ng antas: mapa-elementarya, hayskul o kolehiyo na higit na natututo ang mga mag-aaral kung katutubong wika ang ginagamit bilang midyum ng pagtuturo.

Ang masakit pang tanggapin ay ang katwiran ni Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo na kapag nagtapos na ang estudyante sa kolehiyo ay napakalaki ang tsansa nilang maging *call center agents*. Gaano karaming estudyante ang nagtatapos taun-taon? Matutugunan ba ng call centers ang dumaraming bilang ng mga nagtatapos sa nursing, engineering at commerce? Paano na ang mga estudyanteng nasa elementarya at hayskul pa lamang sa kasalukuyan? May call centers pa kaya kung sakaling dumating ang panahong sila naman ang magtapos sa kolehiyo? Samantalang anumang oras, dahil sa bilis ng takbo ng teknolohiya, ang mga call center agents ngayon ay maaari nang mapalitan ng mga robot o anumang computer-based programs.

Samakatuwid, hindi Inggles ang sagot sa kahirapan ng mga Pilipino. Hindi dapat isakripisyo ang hindi paggamit ng wikang Filipino para lamang mapagtakpan ng gobyerno ang lumalalang kahirapan sa bansa. Hindi uunlad ang Pilipinas sa paggamit ng Inggles sapagkat paulit-ulit na lamang na sinasabi ng mga iskolar at ekonomista sa buong daigdig na walang bansang maunlad na hindi gumagamit ng sarili nilang wika: Ingles ang wika ng Amerika, Nihonggo ang wika ng mga Hapon, Kastila ang wika ng Espanya, Pranses ang wika ng Pransya, Aleman ang wika ng Alemanya, Chinese ang wika sa bansang Tsina. Ibig sabihin, mas may posibilidad pa na umunlad ang ating bansa kung gagamitin lamang natin ang ating katutubong wikang Filipino sa mga transaksyon at komunikasyon. Hindi Amerika ang Pilipinas, hindi Inggles ang katutubong wika ng mga Pilipino kundi Filipino.

Isipin na lamang natin, kung tayo ay nagpupunta sa ibang bansa, saan mang sulok ng bansa, ginagamit natin sa pakikipag-usap sa dayuhan ang Inggles. Hindi ito problema kung ang bansang pupuntahan natin ay bansang marunong ng Inggles. Subalit kung pupunta tayo sa iba pang bansa tulad ng China, Spain, France, Japan o maging sa mga Arab countries, hindi tayo maisasalba ng wikang Inggles na ipinagmamalaki natin.

Alipin na tayo ng Inggles dahil alipin tayo ng Amerika. Kapag tayo ang dayuhan sa ibang bansa, tayo ang nagpapalit ng wika, nag-i-Inggles tayo. Kapag may mga dayuhan dito sa Pilipinas at kinakausap tayo, tayo pa rin ang nag-a-adjust sa paggamit ng wika, tayo pa rin ang nag-i-Inggles para sa kanila samantlang sila ang dumadayo sa atin. Bakit hindi natin sila hayaang mag-aaral ng wikang sinasalita natin? Posible naman 'yun di ba? 65 milyong dayuhan na ang nakapagsasalita ng Filipino bilang pangalawang wika. Bawat bansa na maisip ninyo ay siguradong may naninirahan o naghahanapbuhay na Pilipino. Ibig sabihin, ang wikang Filipino ay mahalagang wika ng daigdig sapagkat ang mamamayang Pilipino ay mahalagang nilikha sa daigdig.

Kung 90 milyon na ang katutubong Pilipino na nakapagsasalita ng wikang Filipino, at may 65 milyong dayuhan na marunong magsalita ng Filipino. May kabuuang 155 milyon na ang gumagamit ng wikang Filipino sa buong daigdig. At siguradong madadagdagan pa ito sa mga darating na panahon sapagkat ang wikang Filipino ay patuloy pa ring pinag-aaralan ng mga kilalang pamantasan sa iba't ibang sulok ng daigdig: sa Russia, sa Melbourne, Australia; sa Vancouver, Canada; sa Saint Germain en Laye sa France; sa Ramsgate, Great Britain; at sa Livorno, Italy.



*Ang Epekto ng Wikang Filipino sa Pagiging Global ng mga Pilipino .*

Baka nga dumating pa ang panahong ang wikang Filipino ay maging isa sa mga lingua franca ng daigdig tulad ng English, French, Mandarin at Spanish. Hindi ito malayong mangyari batay sa dami ng gumagamit at nag-aaral ng wikang Filipino sa buong mundo.

Samakatuwid, “Ang wika ko, ang wika mo, ang wika niya, ang wika nating lahat ay Wikang Filipino. Mahalaga ang wikang Filipino sapagkat ang wikang Filipino ay Wika rin ng Mundo!”

Ipagpatuloy natin ang paggamit ng Wikang Filipino upang magpatuloy ang pagyabong nito. Dahil kung hindi tayo ang gagamit nito, sino? Kung hindi dito, saan? At kung hindi ngayon, kailan pa?

#### TALASANGGUNIAN

[http://en.wikipedia.org/wiki/List\\_of\\_languages\\_by\\_number\\_of\\_native\\_speakers](http://en.wikipedia.org/wiki/List_of_languages_by_number_of_native_speakers)  
[http://en.wikipedia.org/wiki/World\\_population](http://en.wikipedia.org/wiki/World_population)  
<http://geography.about.com/cs/countries/a/numbercountires.htm>  
<http://www.census.gov/ph/>  
[http://www.language-programs.net/lists/filipino\\_languagecourse\\_worldwide.htm](http://www.language-programs.net/lists/filipino_languagecourse_worldwide.htm)  
<http://www.poea.gov.ph/>  
<http://www.poea.gov.ph/stats/2006Stats.pgf>



*Intsik, Tsino, o Tsinoy... Ano ba Talaga?*, mula sa pahina 10.

Simulan muna natin sa terminong Intsik. Ang “In” sa salitang Intsik ay nanggaling sa salitang Indio na tawag ng mga Kastila sa mga Pilipino noong mga panahong hawak nila ang Pilipinas. Ang “Tsik” ng Intsik ay kinuha sa salitang singkit na pinaghalu-halo at idinugtong upang mabuo ang salitang Intsik. Sa isang artikulo ni Charlson Ong na may pamagat na *A Bridge Too Far Thoughts on Chinese Filipino Writing* sang-ayon siya na tawaging Intsik ang mga Tsino at Tsinoy dahil ang terminong ito ay nag-uugat sa kanilang kasaysayan at hindi raw dapat ikahiya ng kahit na sinumang Tsino o Tsinoy ang kanyang pinag-ugatan at kasaysayan.

Datapuwa’t marami sa mga kalahi ko ang nagagalit o nakakaramdam ng poot kapag naririnig nila o tinatawag silang Intsik. Ayon kay Teresita Ang-See, isa sa mga kinatawan ng Chinese-Filipino Community. Ang pagtawag o paggamit ng salitang Intsik upang tukuyin ang Tsino o Tsinoy ay politically incorrect. Mali rin daw na tawaging Filipino-Chinese ang isang Tsinoy dahil hindi raw tama kung balarilang Ingles ang pagsasaligan. Sa paniniwala niya at sa paniniwala ko na rin, dapat na tawaging Chinese-Filipino ang isang Tsinoy dahil ang kahulugan nito ay Tsinong Pilipino o mga Tsinong ipinanganak at lumaki na sa Pilipinas. Jus Soli (By Birthplace) ika nga sa Latin ang dapat na maging saligan. Para bang Filipino-American o mga Pilipinong Amerikano.

Ano naman ang termino sa Filipino para sa isang Chinese-Filipino? Ipinanukala ni Bernard Go sa isang komperensya ng Philippine Sociological Society noong 1972 na tawaging *Pinsino* na ang ibig sabihin ay Pinoy na Intsik ang mga Tsinong naninirahan sa Pilipinas. Ayon kay Go, ang terminong ito ay nararapat para sa mga Pilipinisadong mga Tsino, sapagkat sila ay lumaki at nag-aral sa Pilipinas. Samakatuwid, ang kanilang pag-iisip ay Pilipinisado na at hindi na nila kinikilala ang Tsina bilang kanilang pinanggaling bansa. Dahil Jus Soli ang dapat na gawing basihan at hindi Jus Sanguinis (By Blood).

Subalit, kung baga sa pelikula hindi naging blockbuster o pumatok sa takilya ang terminong iminungkahi ni Go. Sa halip ang neolohismo o terminong Tsinoy na ang ibig sabihin Tsinong Pinoy na ipinanukala ni Ang-See ang tinangkilik ng nakarami. Dahil ayon sa mga kinatawan ng mga Chinese-Filipino Community nararapat lang na magkaroon ng sariling pagkakakilanlan o identidad ang mga Tsinoy.

*Sundan sa pahina 22*

## **Kailan Dapat Gamitin ang Salitang Professor?**

ni Genaro R. Gojo Cruz

**N**agsimula akong magturo sa Pamantasan noong 2003. Mula noon hanggang ngayon, hinding-hindi ko pa ginamit kailanman sa aking mga dokumento (kapag ako ang sumusulat o gumagawa), tulad ng application form, data sheet, ID, souvenir program, at maging sa aking mga liham sa matataas na tao ang Prof., Prop. o Professor sa simula ng aking pangalan. Nangingilabot ako. Talagang di ako komportableng gamitin ang salitang ito sa simula ng aking pangalan. Mas palagay at panatag ang aking loob kapag isinulat ko lang ang aking buo at tunay na pangalan, Genaro R. Gojo Cruz.

Sa poster na ginawa ng aking kasamahan sa Departamento ng Filipino para sa panayam na ipinangalan kay Ruth Elynia Mabanglo, lima (5) kaming nakatakandang magbigay ng panayam sa mga darating na buwan. Ang isa ay ginamitan niya ng Dr. ang pangalan, ang tatlo ay may Prof. at ako naman ay G.

Sa katunayan, 'di ko ito napansin. Ang talagang naging malasakit ko at ikinainis ko, ay ang kakaunting araw na lamang na natitira para maisulat ko ang aking papel para sa Seryeng Panayam sa ika-10 ng Oktubre. Wala nang ibang dahilan para di ko maisulat ang papel na matagal ko nang pinag-iisipan.

Pero nakatanggap ako ng isang mensahe sa text na nagkokomento ukol sa mga titulong ikinakabit sa simula ng pangalan ng mga magbibigay ng panayam. May dahilang ibigay ang gumawa ng poster na di pa naman daw ako MA, pero tulad uli ng dati, di ko nakita ang dahilan para pansinin pa ito. Mas nakatatak sa aking isip ang Oktubre 10.

Bilang isang nagtapos ng kursong Agham Panlipunan, naging gawi kong lagi ang bumalik sa kasaysayan. Ano ang sinasabi ng kasaysayan ukol sa salitang ito?

Ang kahulugan ng salitang "professor" ay nag-iiba-iba ayon sa bansa, antas ng edukasyong natapos, at kung dalubhasa/ eksperto sa isang larangan/disiplina ang isang guro (halimbawa, ang dami, lalim, lawak ng naobot ng kanyang mga isinulat o isinagawang pananaliksik). Samakatuwid, kilala siya sa kanyang disiplina.

Ganito rin naman ang kahulugan ng salitang *professor* sa wikang Latin: *person who professes to be an expert in some art or science, teacher of highest rank.*

Ngunit tulad nga ng nabanggit, bawat bansa o mga pang-akademikong institusyon ay may iba't ibang paraan ng paggamit ng salitang ito. Halimbawa sa mga bansang tulad ng United Kingdom, South Africa, Australia at New Zealand, tama o wasto na tawaging professor ang mga senior na may mataas na ranggong pang-akademiko, puno ng mga departamento o mga indibidwal na nabigyan ng posisyon. Samantalang sa mga bansang tulad ng United States, Canada at HongKong, ang professor ay ginagamit sa sinumang nagtuturo o mananaliksik na nagtatrabaho sa kolehiyo o pamantasan, anuman ang kanyang pang-akademikong ranggo. At sa mga bansang tulad ng Austria, Brazil, France, Romania, Slovenia, Serbia, Poland at Italy, ang salitang professor ay ginagamit naman bilang pagkilala o pagpapahayag ng pagpapahalaga sa mga guro sa sekondarya.

Samakatuwid, walang isang kautusan na dapat sundin sa paggamit ng salitang professor. Ito ay nakabatay sa mismo sa mga pang-akademikong institusyon.

Batay sa aking karanasan, sa Philippine Normal University, lahat tinatawag na professor kahit yaong bago pa lamang nagtapos sa kolehiyo at nabigyan ng pagkakataong makapagturo sa kolehiyo. Kung minsan din, ginagamit din ang salitang professor upang itaas ang kalagayan ng mga guro sa kolehiyo, professor ang tawag sa kanila dahil 'di sila mga guro sa sekondarya.

Sa De La Salle University, 'di lahat ay tinatawag na professor. Batayan ng DLSU 'di lamang ang degree kundi maging ang dami, lalim, lawak ng naobot ng mga isinulat o isinagawang pananaliksik ng isang guro. Anuman ang sinusunod ng pamantasan ukol dito, kailangang kilalanin at iginalang.

Samakatuwid, napakahalaga ng pag-alam o pagtatanong muna sa mga datihang guro ng isang departamento kung ano ang sinusunod ng Pamantasan ukol dito.

***Kailan Dapat Gamitin ang Salitang Professor?***

May kasaysayan na ito na dapat bigyang puwang at alamin muna bago isagawa ang anumang hakbangin o desisyon.

Kung tutuusin, titulo lamang naman ang salitang professor. Maging ako ay naging biktima na ng salitang ito. Sa mga panayam o programa, kapag ipinakikilala ako, laging may professor, na kung tutuusin ay di pa dapat.

Dahil kung pag-usapan ang dami, lalim, lawak ng naabot ng aking mga isinulat o isinagawang pananaliksik ay wala pa sa kalingkingan ng mga talagang professor. Kulang na kulang pa ang aking naisulat.

Ika nga, marami pa akong kakaining bigas para maging lehitimo at mawala ang aking pangingilabot sa tuwing ikakabit sa unahan ng aking pangalan ang salitang professor.

Pero sa ngayon, mas matutuwa ako kung ipakikilala muna ako bilang ako, si GENARO R. GOJO CRUZ, isang manunulat ng mga kuwentong-pambata. Dito muna ako magsisimula.

**Sanggunian:**

<http://media.www.lakelandmirror.com/media/storage/paper471/news/2006/10/19/Features/A.Look.Into.The.Past.The.Word.professor.And.The.History.Behind.It-2454147.shtml>



## 100 Kontemporaryong Filipinong Aklat na Dapat Ninyong Basahin Bago Kayo Kunin ni Lord!

1. 40 stories of passion ni Bo Sanchez
2. 8 secrets of the truly rich : how you can create material wealth and gain spiritual abundance at the same time ni Bo Sanchez
3. A Scrapbook about Edsa 2: People Power uli! ng Philippine Center for Investigative Journalism
4. A study of Philippine games ni Mellie Leandicho Lopez
5. ABNKKBSNPLAko?! Mga kuwentong chalk ni bob ong
6. Alamat ng Ampalaya ni Augie Rivera
7. Ang Ambisyosong istetoskop ni Luis P. Gatmaitan
8. Ang Bayan sa Labas ng Maynila ni Rosario Cruz-Lucero
9. Ang mga Kuwento ni Lola Basyang ni Severino Reyes muling isinalaysay ni Christine S. Bellen
10. Ang Mundong Ito ay Lupa ni Edgardo M. Reyes
11. Ang Sandali ng mga Mata ni Alvin Yapan
12. Ang Unang Baboy sa Langit ni Rene Villanueva
13. Anting-Anting ; o, Kung bakit nagtatago sa loob ng bato si Bathala ni Nenita D. Pambid
14. Anyaya ng Imperyalista ni Ruth Elynia Mabanglo
15. Bagets : an anthology of Filipino young adult fiction inedit nina Carla M. Pacis, Eugene Y. Evasco
16. Barriotic Punk ni Mes De Guzman
17. Bata...Bata Paano ka Ginawa? ni Lualhati Bautista
18. Bedtime Stories: Mga Dula sa Relasyong Sexual ni Rene O. Villanueva
19. Believe and Betray ni Cirilo Bautista
20. Between the Homeland and the Diaspora ni S. Lily Mendoza

*Sundan sa susunod na pahina*

***100 Kontemporaryong Filipino Aklat na Dapat Ninyong Basahin Bago Kayo Kunin ni Lord!***

21. Bones of Contention ni Ambeth R. Ocampo
22. Bonifacio's Bolo ni Ambeth R. Ocampo
23. Buhay Pinoy ni Fanny A. Garcia
24. Bukod na Bukod ni Isagani R. Cruz
25. Cogito Ergo Sum and other musing on Science inedit ni Queena N. Lee-Chua
26. Comfort food inedit ni Erlinda Enriquez Panlilio
27. Creative Nonfiction: A reader inedit ni Cristina Pantajo Hidalgo
28. Culture and History ni Nick Joaquin
29. Dekada '70 ni Lualhati Bautista
30. Edifice Complex: Power, Myth and Marcos State Architecture ni Gerard Lico
31. Erick Slumbook ni Fanny A. Garcia
32. Eros Pinoy: An Anthology of Contemporary Erotica in Philippine Art and Poetry inedit nina Virgilio Aviado, Ben Cabrera and Alfred A. Yuson
33. Etsa Puwera ni Jun Cruz Reyes
34. Filipiniana Reader inedit ni Priscelina Patajo Legasto
35. From Colonial to Liberation Psychology ni Virgilio Enriquez
36. Gender-Sensitive and Feminist Methodologies inedit ni Sylvia Guerrero
37. Himagsik : pakikibaka tungo sa mapagpalayang kultura ni E. San Juan, Jr.
38. History and form : selected essays ni E. San Juan, Jr.
39. House of Memory ni Resil B. Mojares
40. Image to Meaning ni Alice G. Guillermo
41. Iskrabuk ni Allan N. Derain
42. Krisis at Rebolusyong Pilipino ni Jose Ma. Sison
43. Kung Di Man ni Ruth Elynia S. Mabanglo
44. Laldad nina J. Neil Garcia at Danton Remoto
45. Lahi ni Adan : kuba at iba pang kuwento ni Nonon Villaluz Carandang
46. Larangan ni Prospero Covar
47. Laro sa Baga ni Edgardo M. Reyes
48. Liktao at Epiko ni Zeus Salazar
49. Makinilyang altar ni Luna Sicat-Cleto
50. Mass ni F. Sionil Jose
51. Mga Biyahe, Mga Estasyon ni Rio Alma
52. Mga Talinghaga sa Laylayan ni Elizabeth Morales-Nuncio
53. Nation, Self and Citizenship: An invitation to Philippine Sociology ni Randy David
54. Pagbasa ng Panitikan at Kulturang Popular ni Soledad S. Reyes
55. Pahiwatig ni Melba Padilla Magay

*Sundan sa susunod na pahina*

*Ang langaw na dumapo sa kalabaw,  
mataas pa sa kalabaw ang pakiramdam.*

*-Kasabihang Filipino*

**100 Kontemporaryong Filipino Aklad na Dapat Ninyong Basahin Bago Kayo Kunin ni Lord!**

56. Palabas : essays on Philippine theater history ni Doreen G. Fernandez
57. Pantayong Pananaw: Ugat at Kabuluhan nina Atoy Navarro, Mary Jane Rodriguez, Vicente Villan (mga patnugot)
58. Pasyon and Revolution ni Reynaldo Ileto
59. Pera mo, palaguin mo! ni Francisco Colayco
60. Philippine Folk Literature: Folktales ni Damiana Eugenio
61. Philippine Folk Literature: The Myths ni Damiana Eugenio
62. Philippine Ghost Stories ng PSICOM
63. Poetika/Politika ni Bienvenido Lumbera
64. Pugad Baboy ni Pol Medina Jr.
65. Quiapo: Heart of Manila inedit ni Fernando Nakpil Zialcita
66. Reinventing the Filipino Sense of Being & Becoming ni Arnold Molina Azurin
67. Revaluation 1997 ni Bienvenido Lumbera
68. Richard Gomez at ang Mito ng Pagkalalake, Sharon Cuneta at ang Perpetwal na Birhen at iba pang sanaysay ukol sa Bida sa Pelikula bilang Kultural na Texto ni Rolando B. Tolentino
69. Rizal without the Overcoat ni Ambeth R. Ocampo
70. Sa Loob at Labas ng Mall Kong Sawi, Kaliluha'y Siyang Nangyayaring Hari ni Rolando Tolentino
71. Sa mga Kuko ng Liwanag ni Edgardo M. Reyes
72. Sa ngalan ng ina : sandaang taon ng tulang feminista sa Pilipinas, 1889-1989 / Lilia Quindoza Santiago
73. Sa Sariling Bayan: Apat na Dulang may Musika ni Bienvenido Lumbera
74. Salamanca ni Dean Francis Alfaro
75. Sandaang Damit ni Fanny A. Garcia
76. Sarilaysay: Tinig ng 20 Babae sa Sariling Danas Bilang Manunulat ni Rose Torres-Yu
77. Sikolohiyang Pilipino: Teorya, Metodo at Gamit inedit ni Rogelia Pe Pua
78. Sins ni F. Sionil Jose
79. Sipat Kultura: Tungo sa Mapagpalayang Pagbabasa, Pag-aaral at Pagtuturo ng Panitikan ni Rolando Tolentino
80. Smaller and Smaller Circles ni F.H. Batacan
81. Space and identity : expressions in the culture, arts and society of the Muslims in the Philippines ni Abraham P. Sakili
82. Stainless Longganisa ni bob ong
83. Tao Po! Tuloy!: Isang Landas Ng Pag-Unawa Sa Loob Ng Tao ni Albert E. Alejo
84. The Best of Alipin ni Jess Abrera
85. The Governor-General's Kitchen, Philippine Culinary Vignettes and Period Recipes 1521-1935 ni Felice Prudente Sta. Maria
86. The I Stories inedit at tinipon ni Augusto V. De Viana
87. The Knowing is in the Writing ni Jose Y. Dalisay Jr.

*Sundan sa pahina 24*

*Sa taong may tunay na hiya,  
ang salita ay panunumpa.*

*-Kasabihang Filipino*

## TAHANANG PINOY

**B**uong yabang na ipinakita sa akin ng anak kong nasa grade 4 ang abaniko project nila sa Sibika class niya. Isang abanikong yari sa anahaw na may nakapintang bandila ng Pilipinas. Eh dahil siyempre, yabang na yabang siya sa kanyang "art", sumakay naman ako. Wala naman akong masabing sadyang kakaiba o unusual sa ginawa niya liban sa pagiging makulay nito, kaya siyempre, sabi ko na lang "ang cute naman!" Kung tutuusin, medyo crude pa nga ang pagkakapinta pero habang tinititigan ko ang abaniko, aba'y parang nakakaengganyo yatang gamitin. Liban kasi sa malapad at magaanang anahaw, alam naman nating grabe na talaga ang init dito sa Pilipinas--kahit pa panahon ng tag-ulan. Ngunit hindi lamang pala ito nakaeengganyong gamitin, mas nakaaaliw pala itong pag-isipan.

Abanikong may pintang bandila ng Pilipinas para sa pagdiriwang ng Araw ng Kalayaan ng Pilipinas noong Hunyo 12. Kung bakit papaalala sa ng abaniko. naman ang cost mula sa mataas ment friendly siguro ibig realidad ang si Bonifacio sa Tutuban? Isa ay upang makakamalayan na tabi-tabi. Me-gaanong pina-abanikong anahaw kung ihahanay siya sa Kung baga, hindi isang abanikong anahaw isang Pinoy sa kanyang pagtataboy ng mga abaniko sa malls? Madalas, ang mga ganito ay matatagpuan lamang sa bangketa



## ABANIKO NI PINAY NI RAKKI SISON-BUBAN

may estasyon ng tren sa pang dahilan na naiisip ko pasok din siguro sa ating may abanikong anahaw--sa dyo api-apihan at di pansin ang kalagayan ng iba pang mga abaniko. ang kalimitang preferens ng init. May nakita ka bang abanikong anahaw na sa tabi ng geyt ng mga sim-bahan tuwing panahon ng Kwaresma, o kaya'y kalimitang nasa tindahan ng mga palayok at bakya sa palengke, at siyempre, sa ilalim ng tulay ng Quiapo. Paano nga kasi, bihira na sa atin ang gumagamit ng pamaypay na abaniko dahil me mga aircon at electric fans na tayo sa bahay at maging sa opisina. At kung gumamit man tayo ng mga abaniko, kalimitang ito na iyong foldable, yari sa manipis na kahoy, tela o papel, me lace at trimmings at siyempre makulay para naman "soso" ang dating. Siyempre pa, status symbol din ang laging may hawak ng abaniko na gaya ng alinman sa mga inilarawan ko. Ibig sabihin kasi, hindi sanay sa mainit at hindi sanay pagpawisan ang sinumang may hawak nito. Pero alam ba ninyong noong panahon ng mga Kastila, may lenggwaheng taglay ang pagdadala at paggamit ng abaniko? Liban sa bahagi na ito ng kasuotan o gayak ng sinumang Pilipina, may mga tiyak na paraan ng paghawak at paggamit ang mga abaniko na bukod-tanging mga kadalagahan at kabinataan ang nakababatid. May angking kultura ang abaniko noong mga panahong iyon sapagkat sa pamamagitan ng mga abaniko ay maaaring magkausap at magkaunawaan ang mga kadalagahan at kabinataan at maisagawa ang kultura ng ligawan nang hindi napapansin o nababantayan ng mga matatanda? Sa ibang salita, sa pamamagitan ng mga tiyak na kumpas ng abaniko o kaya'y pagtiklop nito ay maaaring maipaabot ng isang dalagang Pilipina ang kanyang sagot sa pamimintuho sa kanya ng isang binatang Pilipino. mas nakakakilig isiping sa pamamagitan rin ng abaniko ay malayang nagagawa ang mga pag-uusap at bulungan ng kababaihan tungkol sa kani-kanilang mga crush na nasa loob rin ng kinaroonan nilang bulwagan. ang saya di ba?

Hindi ko alam kung ano ang dahilan ni teacher sa pagpili ng abaniko para gamiting simbolo ng pagpapaalala sa atin ng ating kalayaan bilang mga Pilipino. Ano pa man ang kanyang dahilan, para sa akin, swak pa rin naman sa ideya ng pagpapalaganap ng kaisipang maka-Pilipino. Makulay at masaya ang dating ng mga imahen sa abanikong ipininta ng anak kong nasa greyd 4. Makulay at masaya rin kaya ang tingin niya sa bansang kinakatawan ng bandila sa abaniko niya? *Raw and natural* ang dating ng abaniko. *Raw and natural* din ang pintang bandila sa abaniko. *Raw and natural* din nga kaya ang tingin ng anak ko sa kasalukuyang estado ng ating bansa?



*Editorial... Mula sa pahina 7*

Hindi sapat na dahilan ang pagpapatag ng polisiya ng pamahalaan ukol sa pagpapadala ng mga manggagawang Pilipino sa ibang bansa o ang patuloy na paglakas ng industriya ng *business process outsourcing* (BPO) sa loob ng bansa, upang lalong paghusayin ang wikang Ingles. Ang ganitong kaisipan ay bahagi pa ng mis edukasyon sa mga Pilipino na matagal ng tinututulan ng maraming mga iskolar na Pilipino. Sa katunayan, mismong ang mga pang-ekonomikong polisiya ng pamahalaan ang siyang lalong naglulubog sa mga Pilipino sa kawalan ng trabaho at matatag na lokal na mga industriya sa bansa. Higit sa lahat, lalo nitong pinalalabnaw ang ating pagbuo ng identidad bilang Pilipino sa isip, sa salita at sa gawa.

Kung sa subjek na Values Education naman, tiyak na lagpak din ang pamahalaang ito ni Pangulong Arroyo. Ayon sa tala ng KARA-PATAN, isang organisasyon para sa karapatang-pantao, mahigit sa 900 na kaso na ng extra-judicial killings ang naitala simula taong 2001. Kasama rito ang siyam na mga guro. Taong 2005 nang paslangin si Vitoria Samonte, isang guro sa kolehiyo, at noong 2006 naman si Napoleon Pornasodoro, guro sa hayksul. Sila ay kapwa opisyal ng pambansang opisina ng Alliance of Concerned Teachers (ACT), isang samahang pangunahing nagsusulong ng karapatan ng mga guro. Samantala, binaril naman ng dalawang nakamaskarang lalaki si Jose Mari Cui, guro at presidente ng union sa kanilang unibersidad, sa loob mismo ng kanilang klasrum habang nagbibigay ng pagsusulit sa kanyang mga estudyante.

Batay sa ulat sa ng Amnesty International at ng UN Special Rapporteur on Extrajudicial Killings, pangunahing may pananagutan sa mga pagpatay na ito ang mga militar. Itinuturing dahilan dito ang mga bagong polisiya at programa ng pamahalaan laban sa mga itinuturing na kalaban nito. Ang pagdamay sa mga sibilyan, partikular ang mga guro, ay isang malinaw na paglabag sa karapatang-pantao.

Malaki ang papel na ginagampanan ng mga paaralan sa pagpapaunawa ng kalagayan ng ating lipunan. Malaki ang pangangailangan ng pamahalaan na balikan ang kursong Kasaysayan. Sa ipinapakita nitong kawalan ng pagpapahalaga sa edukasyon, sa mga estudyante, at sa mga guro, ay manipestasyon ng kawalan nito ng tunay na pagmamalasakit sa ating bayan. Ang karunungan at kaalaman ay itinuturing na sandata, at hindi lamang kapital, laban sa mga problemang maaaring kaharapin ng ating mga mamamayan.

Tungkulin ng bawat guro ang magturo sa kanilang mga mag-aaral. Inaasahang sa mga paaralan hinuhubog ang mga kabataan upang maging matalino, responsible at makabayang mamamayan ng ating lipunan. Bukod rito, isang mahalagang gampanin din ng mga guro ang tiyaking ang edukasyong kanilang ibinigay sa mga mag-aaral ay mayroong patutunguhan – isang lipunang may pagpapahalaga sa karapatan, buhay, at tunay na kalayaan ng kanyang mga mamamayan.



### PAGBATI AT PASASALAMAT!!!

Pasasalamat sa mga sumuporta at nonood ng pagtatanghal ng Neo Nocturne na pinamagatang *Ode to Flight* noong ika-11 at 12 ng Oktubre sa Philam Life Auditorium.

Pagbati kay Genaro Gojo-Cruz sa kanyang pagiging tampok sa *Kapuso Mo, Jessica Soho* at sa kanyang matagumpay panayam sa Elynia Ruth Mabaglo Seruyeng Panayam.

*Ang Wika ng Tao*, mula sa pahina 4...

Ayon kay Owens (2001) may dalawang paraan sa pagkatuto ng wika. Ang una ay ang likas o natural na obserbasyon at ang ikalawa ay pormal na pagsasanay at pag-aaral.

Tumutukoy sa una ang mga naririnig na usapan ng bata sa kanyang kapaligiran at ang ikalawa ay ang pormal na pagtuturo sa paaralan na nangangailangan ng pagsasanay, pagsusulit at pagsukat sa antas ng kaalaman sa wika ng bata.

Mula sa panimulang pagkatuto ng wika tungo sa pagpapalawak ng kaalaman sa kayarian nito, nagsisilbing susi ang wika tungo sa mas malawak pang tatahakin ng tao sa daigdig na kanyang ginagalawan. Sa patuloy na pagtahak na ito, patuloy ring umiinog ang wika tungo sa kanyang pagbabago.

#### **Sanggunian:**

Needlman, Robert M.D., 2004 F.A.A.P. reviewed by Robert N. The Importance of Language Created December 16, 2000 Reviewed August 26, 2004

Lund, Nick. Language & Thought. Routledge. New York Publication. 2003.

**PAMATNUGUTAN**

Prop. Nonon Villaluz  
Carandang  
**Punong Patnugot**

Prop. Joel Orellana  
**Pangalawang Patnugot**

Prop. Nonon Villaluz  
Carandang  
**Layout**

Dr. Rhoderick Nuncio  
Dr. Fanny Garcia  
Dr. Rakki Sison-Buban  
Dr. Lhai Taylan  
**Lupon ng Patnugot**

Ms. Malou Bagona  
**Tagalihim**

At ang kontribusyon ng fakulti  
at mag-aaral ng Departamento  
ng Filipino.

**Pasasalamat**

**Dr. Isagani Cruz**  
**Dr. Bienvenido Lumbera**  
**Dr. Teresita Fortunato**  
**Literature Department**  
**DLSU Information Technology**  
**Center**

**Alinaya (pangngalan)Ilokano  
para sa tulay.**

Para sa mga mungkahi, paglilinaw at katanungan, magsadya sa Departamento ng Filipino ng DLSU-Manila, William Hall 402, o di kaya'y tumawag sa telepono bilang 524-4611 lokal 509.

***100 Kontemporaryong Filipino Aklad na Dapat Ninyong Basahin Bago Kayo Kunin ni Lord!***

88. The Nymph of MTV ni Angelo Suarez
89. The Pretenders ni F. Sionil Jose
90. The Rene O. Villanueva Children's Reader ni Rene Villanueva
91. Three Centuries of Binondo Architecture 1594-1898 ni Lorelei D.C. De Viana
92. Tikim : essay on Philippine food and culture ni Doreen Fernandez
93. Tinig at Kapangyarihan: Mga Kuwentong Buhay ng Kababaihang Manggagawa sa Bahay ni Rosalinda Pineda Ofreneo
94. Tounges on Fire ni Conrado de Quiros
95. Trip to Quiapo ni Ricky Lee
96. Twisted ni Jessica Zafra
97. Txt-ing Selves: Cellphones and Philippine Modernity nina Raul Pertierra, Eduardo Ugarte, Alicia Pingol, Joel Hernandez at Nikos Lexis Dacanay
98. Utos ng Hari at iba pang kuwento ni Jun Cruz Reyes
99. Working Women of Manila in the 19<sup>th</sup> Century ni Ma. Luisa Camagay
100. Writing the Nation/Pag-Akda ng Bansa ni Bienvenido Lumbera

(Mahigit walong taong pinagpilian ni Rhod V. Nuncio)  
Oktubre 4, 2008 ni kritikasatabitabi

**Mula sa Blog:****kritikasatabitabi ni Rhoderick Nuncio**

[MAKATOTOHANAN ANG SINASABI NG WALANG MASABI, MAKAPANGYARIHAN ANG GINAGAWA NG NASATABI]

<http://kritikasatabitabi.wordpress.com/>

***Intsik, Tsino, o Tsinoy... Ano ba Talaga?,* mula sa pahina 17.**

Kung ating lalagumin, Tsino o Chinese ang termino para sa mga taong naninirahan sa Tsina. Tsinoy o Chinese-Filipino naman para sa mga Tsinong ipinanganak at lumaki na sa Pilipinas. Para sa akin tama lang naman na magkaroon ng sariling pagkakakilanlan ang mga Tsinoy, tulad rin naman kami ng mga pangkat etniko na may sariling pagkakakilanlan, kalinangan, at paniniwala. Kahit pa sabihing iba't iba ang ating pinanggalingan, kalinangan at pagkakakilanlan, pare-pareho naman tayong mga Pilipino. Kahit pa sabihing isinasabuhay ng mga Tsinoy, Mangyan, Ifugao, Negrito, Igorot, at iba't ibang pangkat etniko ang kanilang kultura isinasabuhay rin nila ang kanilang pagka-Pilipino. Dahil lahat tayo ay kabilang sa bansang Pilipinas at tungkulin natin bilang mamamayan ng bansang ito na lingapin at tulungan ang bawat Pilipinong nangangailangan.

